


ANG DAAN NG ISANG TUNAY NA PROPETA NG DIYOS

 Hayan nga, magandang umaga, mga kaibigan. Isang maaliwalas na umaga, at mainam na panahon na maparito. Ako'y nagagalak na buhay sa umagang ito, at ang makaparito kasama ang kongregasyon uli. Napakaraming bagay ang maaaring mangyari sa maikling panahon. At hindi natin alam kung anong oras tayo tatawagin, para sumagot, doon sa malaking Korte. At nais nating maging handa anumang oras, nang sa gayon ay may kapayapaan tayo.

² At ako'y nagpapasalamat nang lubos, gaya ng nasabi ko. Mangyari nga, na narito ako noong Linggo ng gabi, at nangungusap sa mga tao. . . Nangaral ako noong Linggo ng gabi, at nais kong pasalamat si Kapatid na Roberson, lahat kayo na mga tumawag sa telepono, ukol sa pakikigalak sa Mensahe noong Linggo ng gabi, "Pagmamay-ari nga natin ang lahat na mga bagay." At kaya ako. . . Hindi ko naisip na ako ang mangungusap, noong dumako ako rito at tiningnan si Kapatid na Neville. Yung kanyang—kanyang lalamunan ay para bang may bubuyog. Sa isip-isip ko, "Kaawa-awang kapatid, pero kung tawagin niya ako ngayong gabi, ako'y tutulong, o gagawin ko ang lahat ng makakaya ko." Dahil, alam ko ang pakiramdam nun, kapag pagod at paos ka, at kapapangaral pa lang niya noong umaga na 'yun. At kaya ako'y—ako'y nangusap para humalili sa kanya noong Linggo ng gabi. At kaya tayo'y—tayo'y. . . Pinasasalamatang kita, nang lubos.

³ Ngayon marami raw kahilingan, sabi nila, para sa pananalangin. At kaya atin lamang alalahanin ang mga ito, unang-una, ang lahat ng mga kahilingan na ito. Atin na munang iyuko ang ating ulo ngayon.

⁴ Makalangit naming Ama, nasusulat na kami'y dapat na pumasok sa Iyong mga pagtitipon na may pasasalamat sa aming mga puso, na ipinapaalam ang aming mga hiling sa mga pagtitipon ng Mga Banal. At marami kaming hiling, sa umagang ito, napakarami, na hindi namin alam kung paano ipaalam ang mga ito sa Iyong pansin, subalit nalalaman Mo po ang mga ito. Marami ang hindi nasambit. Iyo ring nalalaman ang mga ito, siyanga. Kaya, dumadalangin kami nang buong puso namin, gaya ng ginawa namin noong Linggo ng gabi para sa anak nina Kapatid na babaing Shepherd, Kapatid na lalaking Shepherd, sa anak nila. Pagkatapos noong sa. . . Bumaling pabalik, ang sabi ng Espiritu Santo, "Wala siyang

polio. Siya'y magiging maigi." Isa ngang kaluguran noong marinig namin ito mula sa Iyo.

⁵ Ngayon ay hinihiling namin sa umagang ito na Iyong ipagkakaloob ang mga kahilingan na ito para sa karamdaman, para sa naulilang tahanan, para sa mga mahal sa buhay, at lahat na mga nasambit, Ama. Dalangin namin na Iyong aalalahanin ang bawat isa. At idinudulog ko ang aking panalangin, at ang panalangin ng mga taong ito, sa harap Mo; na pinagtipon-tipon, at ipinapadala sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Iyo pong dinggin kami, Ama, kami'y dumadalangin. Amen.

⁶ Nais kong pasalamatang ang bawat isa sa inyo dahil sa inyong mga panalangin para sa akin. Habang ako...Ako'y nakamaril ng isang munting pagsabog dun sa ensayuhan ng pamamaril sa dako roon. Haya't sinubukan akong patayin ni Satanas. At—at, mangyari nga, na hindi niya ito magagawa. Huh-um. Hindi. Hindi pa tapos ang Diyos sa akin. Kaya hindi niya 'yun magagawa hanggang sa tapos na ang lahat. Kapag tapos na ang Diyos, kung ganoon ako'y handa na. Pero ako...Ang mabuti kong kaibigan, si Kapatid na Wood, sa dako roon, talagang biyaya nga ito ng Diyos, o kung hindi'y ang matatagpuan na lang niya ay 'yung nasa baba *rito*, at hindi na 'yung nasa taas *dito*. Yun ay halos lima o anim na toneladang pagsabog na *ganoong* kalapit sa mukha ko, nang *paganoon*. Hindi man lang ako nasaktan maski kaunti. Kita n'yo? Nagalusan lang nang kaunti ang mukha ko. Kaya, hayan, buweno, wala na ito ngayon, isang maliit na lang na gasgas ang natira *roon*.

⁷ Kaya, nais kong pasalamatang si Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Dauch sa dako rito. Sina Kapatid na Brown, at sila, na naunawaan sa pamamagitan ng pag-uusap sa telepono na sila'y nagkakatipon na sama-sama, isang grupo sila, at nanalangin para sa akin. At 'yun nga'y isang espesyal na bagay, may ibinubunsod na espesyal sa iyo. Alam n'yo, ang panalangin n'yo sa iba, at sa lahat, at pagkatapos kapag nalaman n'yo na may iba na nanalangin para sa inyo kapag kailangan n'yo ito, malaki't espesyal na bagay 'yan. At alam ko na marami sa inyo ang hindi tumawag sa telepono, o kung ano, pero nanalangin pa rin. At napakalaki't espesyal na bagay ito para sa amin. At 'yan ang dahilan kung bakit ako...hindi ako nasaktan. Pinaigi ako ng Diyos. At kaya lubos-lubos ang pasasalamat ko.

⁸ Ngayon, may ilang mga pabatid lang ako bago natin ialay ang mumunting mga bata rito. Ngayon, mamayang gabi, may gawain sa tabernakulo. At lahat kayo na dumadalo sa tabernakulo, na dumadalo mismo sa gawain dito. At kaya tayo'y...Mangungusap po ako para kay Kapatid na Ruddell, mamayang gabi, dito sa may daang-bayan, isa siya sa mga bumibisita nating kapatid. At pagkatapos, kapag nakabalik

agad ako, kung may isa pa akong gabi, nais kong pumunta kina Kapatid na Junie Jackson. Pagkatapos ang kapatid na 'yan na taga-Sellersburg, may utang pa tayo sa kanya na isang gabi roon, at kaya nais nating pumunta roon at bisitahin siya. At ang kapatid dito sa Utica, pupuntahan din natin siya isa sa mga gabing ito sa abot ng makakaya natin.

⁹ Itong sanlinggong ito ay luluwas ako sa Green Bay, Wisconsin, gaya ng nalalaman n'yo, dadalo sa rehiyonal na kapulungan ng Full Gospel Business Men.

¹⁰ Sa susunod na Linggo, naroon ako sa hayskul, doon, kung saan ako nagtungo noong nakaraang beses. Nakalimutan ko lang ang pangalan nung hayskul awditoryum. [Isang kapatid na lalaki ang nagsasabi, "Mather."—Pat.] Ano nga po uli? ["Mather."] Mather. Stephen Mather. Oo. Siyanga. Hayskul awditoryum.

¹¹ At pagkatapos, sa Lunes, ako'y nasa isang kapulungan doon sa dako kung saan nagdaos ako ng diskusyon kasama ang ministeryal na asosasyon sa Chicago, noong nakaraang beses dun. Nandun kami sa lugar na 'yun para sa padespedita ni Kapatid na Joseph Boze, na papunta noon sa Tanganyika. Tanganyika, sa palagay ko ang tawag n'yo roon. At sa Kenya, at Durban, at sa mga dako roon, na nag-aayos ng iskedyl para sa mga paparating kong mga pagtitipon sa taglagas; at doon sa Aprika, at buong Timog Aprika. At kaya hinihiling namin na alalahanin kami sa panalangin para sa mga pagtitipon na ito. Pagkatapos babalik na kami.

¹² At hindi ko alam kung mayroon pa akong pagkakataon na magkaroon, ng isa pang araw sa tabernakulo, o wala na, bago kami magtungo sa North Carolina. At pagkatapos, mula roon, pupunta naman sa South Carolina. At pagkatapos tutuloy sa Cow Palace sa Los Angeles, doon sa South Gate. At doon ako umaasa na makapunta't makita si G. Watherby, 'yung gumawa ng mahabang baril na 'yung punlo ng bala'y sumabog sa loob nun.

¹³ Hindi niya naiatras nang lubos 'yung espasyo ng ulo nun, at natulak sana palikod 'yung punlo nung bala sa halip na papunta sa harap. Isa 'yung lumang mahabang baril na ipinadala ko sa kanya. Binutasan niya 'yun, pagkatapos, at ginawa 'yung ibang uri ng mahabang baril. Inilagay ko 'yung bala roon, iniumang para kalabitin ang gatilya, at 'yun, hayan nga, sumabog 'yung baril nang limampung yarda sa palibot ko, nang *paganoon*, nalusaw sa mga kamay ko. Yung lalagyan ng bala'y tumilapon hanggang sa limampung yarda na hangganan, 'yung gabilya'y tumalsik naman patalikod doon sa kulungan ng mga usa, tatlumpu, apatnapung yarda sa likod ko, at may mga piraso ng bala na tumilapon at natuklap 'yung mga balat ng puno't lahat na. Mangyari nga na *ganoong* kalapit 'yun sa mata ko, mga

halos isang pulgada lang, kung saan sumambulat 'yun. At kung sumabog 'yun nang. . .

¹⁴ At kakayanin ng baril na 'yun ang animnapu't siyam na raan na libra ng puwersa, sa sarili nito, nang hindi sumasabog. Kaya maiisip n'yo na lang kung gaano 'yung puwersa roon, para sumambulat nang paganoon. At alalahanin n'yo, kung sasabog 'yun nang paganoon, pasasabugin nun ang ulo ko't mga balikat din, kita n'yo. Pero nariyan ang Panginoon na nakatayo roon, na hindi ako pinayagang masaktan, galos lang sa mukha ko. At may munting piraso lang na pumasok sa ilalim ng mata ko, pumaligid dun sa mata, kaya hindi nasaling 'yung paningin, kung saan pumasok 'yung mga piraso ng bala. May isang malaking piraso na napunta dun sa bungo sa palibot ng mata, buti't hindi natamaan ang mata, siyanga. Oh, naku!

¹⁵ Hindi pa katagalan, kung naalala n'yo, nabanggit ko na sa inyo na Kanyang kinatagpo ako sa silid, at ang sabi, "Huwag kang matakot, dahil ang hindi-nagmamaliw na Presensya ni Jesus Cristo ay kasama mo mapasawalang hanggan." Kita n'yo? Kita n'yo? Kaya patunay 'yan, na Siya nga.

¹⁶ Yung doktor na tumingin sa mata ko roon sa Louisville, sinabi niya na sumulat siya kay Dr. Sam Adair dito, na ating kaibigan, at ang sabi, "Ang bagay lang na masasabi ko, ay ang Panginoon ay naroon noong umaga na 'yun kasama ang Kanyang lingkod para protektahan siya, o kung hindi'y wala sana siyang ulo at mga balikat na matitira." Kaya, Siya'y talagang mabuti sa akin, at pinasasalamat ko 'yan. Ako'y nagiging mas malapit pa. Sa tuwina'y iba talaga ang dating.

¹⁷ At pagkatapos, dalawang araw pagkatapos nun, tatlong araw, matapos na pumunta ako sa pagtitipon ko, kung saan naka-iskedyul ako sa Canada, ang lalaki po, nang walang nalalaman tungkol dito, siya'y tumawag sa akin, at kinailangan daw na ipagpaliban ang pagtitipon. Kita n'yo? Matagal na akong bumibiyahе-biyahе, hindi pa nangyayari ang tulad nito noon. Kita n'yo? At pagkatapos tumawag siya ulit, at kailangan ko na raw idaos ang pagtitipon, ang pagtitipon sa Canada. At sa Hulyo po 'yan, sa mga huling sanlinggo ng Hulyo. Pagkatapos ako'y pupunta ng Dawson Creek, pagkatapos sa Anchorage, Alaska, loobin ng Panginoon.

¹⁸ Ngayon, wala sa mga pagtitipon na ito ang may anumang pangunguna sa akin na magtungo, wala ni isa. Pero hindi ko lubos maisip na maupo na lang dito buong tag-init, na nakaupo lang dito, at ang mga tao'y nangangatay sa lahat ng dako. Kinakailangan kong maghasik ng Mga Binhi, saan mang dako ito, kahit ano pa. Kung hindi man tumubo, kung ang mga ibon sa himpapawid ay kukunin ito, anuman ito, nais kong maghasik pa rin ng Mga Binhi, dahil pinagkalooban Niya ako ng ilan para ihasik. Kaya aking—aking ihahasik ang Binhi ano't anuman. Ngayon, may oras pa tayo rito para ako'y. . .

¹⁹ Maraming tao, na ang tawag nila dito, “pagbibinyag” ng mumunting sanggol sa Cristianong pananampalataya. Buweno, ayos lang, kung ginagawa n’yo ’yan. Nasa inyo ’yan. Mangyari nga, na hindi talaga nila sila binabautismuhan. Nagwiwisik lang sila ng tubig sa ibabaw nila. Pero, para sa akin, nais kong manatili sa kung anong sinabi ng Biblia na gawin. Kaya naman, kung ano lamang ang sinabi ng Salita, ’yun ang nais kong gawin, ’yun lamang bagay na sinabi Nito. At, ngayon, wala akong—wala akong matagpuan na dako sa Biblia . . .

²⁰ Sa Lumang Tipan, dinadala nila ang mga bata para sa pagtutuli sa laman, ang mumunting mga batang lalaki, at ang nanay ay mag-aalay ng isang handog para sa paglilinis, dalawang kalapating bato-bato o isang kordero.

²¹ Pero, sa Bagong Tipan, ang tanging dako na nasumpungan ko na paggugunita sa dakilang gawain na ito ng . . . Isang pag-aalay. Dinadala nila ang mga sanggol kay Jesus, at kinakarga Niya sila sa Kanyang mga bisig at pinagpapala sila. Yan ang bagay na ginawa ng mga magulang noon sa panahon Niya. At ang buhay Niya ay isang halimbawa ng kung ano ang dapat nating gawin. Kita n’yo? Ang mga bagay na ito ay ginawa Niya bilang halimbawa.

²² Ngayon, dinadala lang natin ang maliliit na bata, at dinadala sila ng mga magulang sa atin, at binubuhat lang natin ang mga bata sa Diyos, at humihiling ng mga pagpapala ng Diyos para sa kanila, at mananalangin ng isang panalangin ng pag-aalay mula sa nanay at tatay, sa Diyos, habang iprinipresenta nila ang kanilang anak. At . . . o ialay sila sa Pangalan ni Jesus Cristo, hanggang sa sila’y sapat na ang gulang para mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo. At ngayon, ang sabi Niya, “Anuman ang gawin natin sa salita o sa gawa, gawin natin itong lahat sa Pangalan ni Jesus Cristo.” Kaya—kaya ’yan ang bagay na gusto nating gawin.

²³ At ngayon, habang ang kapatid na babae’y marahang tutugtugin ang munting awitin na ito, kapatid na babae, awitin natin itong, *Bring Them In*. At ang mga nanay at mga tatay na dala-dala ang kanilang mumunting mga anak na hindi pa naiaalay sa Panginoon, kung madadala n’yo na sila ngayon, habang ang kongregasyon, tayo’y aawit nang marahan sa kanila ngayon, ng isang himno. Sige po.

Bring them in, bring them in,
Bring the little ones to Jesus.

²⁴ Kinalaluguran ko ang mumunting mga bata na ito. May kung anong bagay sa kanila na kalugud-lugod.

²⁵ Sa palagay ko isa siyang purong Italyano. Hindi ba? Buweno. Ang Italyanong pamilya, ang ilan na mga iaalay. Ang munting Italyanang kapatid na babae mula, oh, mula sa Chicago, ay

narito. Sabi, “Heto ang Italyanong pamilya, sa umagang ito, pero hindi ako mangangaral.”

²⁶ Anong pangalan niya? Jonathan David, isang magandang pangalan! Ngayon, Jonathan. Ang sabi niya’y ang tatay niya ay may—ay may Italyanong pangalan, at siya’y may . . . Nais niyang pangalanan ang sanggol ng pangalan sa Biblia.

²⁷ Alam n’yo ba, may isang dakilang Italyano sa Biblia, na ang pangalan ay Cornelio, noong panahon na ’yun, alam n’yo. May pangkat siya, at siya’y mabuti, at namimigay siya ng limos sa mga tao, yamang siya’y isang Gentil, hayan nga. Alam n’yo na ang kuwento. At isang araw may isang Anghel na nagtungo sa bahay niya, sinabihan siya na magpadala ng tagasundo sa isang lalaki na alam ang programa ng Diyos. At siya . . . Alam n’yo na ang kuwento. Hayan nga, kanyang naibunsod ang mga tao na naroon na gumalang nang mataas na paggalang sa Diyos! “Habang sinasalita pa ni Pedro ang Mga Salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo sa kanila.” Ganoon nga. Idinadalangin ko na ang sanggol na ito’y maging ganoong uri na lalaki, siya ring pangalan.

²⁸ Jonathan, napakainam! Maaari ko ba siyang buhatin? Halika rito, Jonathan. Grabe, isa ngang umbok ng asukal para sa pamilya na ito!

Iyuko po natin ang ating mga ulo.

²⁹ Makalangit naming Ama, dumaan ang mga taon, gaya ng kuwento na sinipi ko, ukol sa isang dakilang lalaki na naggangalang Cornelio, na isang mabuting tao, matuwid, nagbibigay ng limos at iniibig ang Diyos. Tapos isang Anghel ng Diyos ang nagtungo sa bahay ng lalaking ’yun. Oh Diyos, ibinibigay namin sa Iyo, sa umagang ito, ang munting Jonathan David. Dalangin ko, Makalanagit na Ama, na habang kinuha ko siya mula sa mga bisig ng kanyang nanay at tatay, na iprinipresenta siya sa Iyo . . . Inaalay ko po ang panalangin na ito ng pag-aalay sa buhay ng batang ito sa gawain sa Iyo, isang pagpapala sa tahanan, isang dakilang tuntungan na bato sa Iglesya. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Ibinibigay ko sa Iyo ang munting si Jonathan David, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³⁰ Pagkalooban kayo ng Diyos ng Kanyang biyaya at tulongan nawa kayo na palakihin ang bata sa paalaala ng Diyos.

Pagpalain ka, Jonathan David.

³¹ Ngayon, itong isang ito, naku, batang-bata pang iho, o iha? Iho? Naku, isa na namang mangangaral sa hinaharap, sana. Anong pangalan? Micah. Micah. Mangangaral ako ukol sa kanya sa umagang ito. Micah Edward. Edward, mainam na pangalan ’yan. Ngayon, ang maybahay ko po’y mas maalam pagdating sa pagbubuhay sa bata, dahil ako’y laging natatakot na baka mabalian ko sila habang ganyan pa sila kaliit. Kita n’yo? Isa ngang kalugud-lugod na bata, ’yung maliliit na mata’y

tumitingin-tingin mismo sa paligid. Napakaliit niya. Ilang taon na ba siya? Isang buwang gulang.

Iyuko po natin ang ating mga ulo.

³² Makalangit na Ama, isa na namang batang-bata pang mag-asawa'y lumalapit dito para ialay sa Iyo ang mga resulta ng kanilang pag-iisa sa buhay na Iyong ipinagkaloob sa kanila, na mapalaki sa pagpapaalaala ng Diyos. Iyo pong pagpalain ang munting Micah na ito. Diyos, dalangin ko na Iyong gagawin siya na isang lalaki katulad ni Micaya sa Biblia. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Ipagkaloob mo sa kanya ang mga pagpapala ng Diyos. Iyong pagpalain ang tatay at nanay, at gawin siyang isang inspirasyon dito sa lupa, isang dakilang tuntungang bato para sa layunin ni Cristo. At ngayon, Iyo pong dinggin kami, Ama, aking iprinipresenta sa Iyo, mula sa mga bisig ng tatay at nanay, patungo sa mga bisig ng Diyos, ang munting si Micah Edward, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

³³ Nawa'y pagpalain siya ng Panginoon, pagpalain kayo, ang tatay at nanay, para palakihin siya sa pagpapaalala ng Diyos.

Sa palagay ko 'yun nang lahat 'yun. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

³⁴ Oh, kinalulugdan ko talaga ang maliliit na bata na ito, ang bawat isa mismo. Na, ang bawat isa'y, ang pinaka magandang sanggol sa buong mundo. Wala ngang. . . Noong iuwi ko si munting Joseph, hayan nga't, ang pinaka pangit na sanggol na nakita ko kailanman, pero ang nanay niya't ako'y iniisip na isa siyang manika. Pero ganoon po talaga, alam n'yo. Yun ang. . . Ganoon po ang iniisip namin.

³⁵ Iniisip ko, sa umagang ito, ilan kaya sa mga miyembro rito. May isang—isang. . . Ngayon, itong *mata* ko rito ay may pahid ng belladonna, na nagpapalabo dun. Pero si Kapatid na babaing Nash. . . Tinatanong ko ang ukol kay Kapatid na lalaking Nash; magaling na kaya siya. Ang. . . Narito ba sila? Oh, buweno, oo, nandito siya. Purihin ang Panginoon, Kapatid na lalaking Nash. Yan, 'yan nga'y mainam.

³⁶ Ngayon, si Kapatid na babaing Edwards, nandito ba siya? Ang. . . O, si Kapatid na babaing Shepherd, na dinala ang munting, batang babae na may sakit, maigi na ba ang lagay niya ngayon? Mabuti. Nabalitaan ko, at 'yung balitang 'yun ay mga limang minuto na lang at 'yung mga tao, na galing pa sa labas ng bayan, ay naroon na para sa pakikipanayam. Nagtungo ako nang daglian sa silid at nanalangin, at ang sabi nila'y ang bata'y pinopolio raw, ang mga braso't mga binti nito'y naninigas. At dagli-dagli akong nagtungo para manalangin, at nagsabi, "Pupunta ako pagkatapos ng panambahan." Sinabi ko kay Loyce na tumawag at sabihin sa ginang na paroroon ako pagkatapos ng panambahan; kung nais niya na makausap ako, para tawagan ako. At noong pumasok na ako para manalangin,

ang sabi—sabi ng Espiritu, “Walang polio. Magiging mainam ang lagay niya.” Nagtungo ako, buweno, lahat kami’y nananalangin dito sa simbahan. Yun ang umayos dun.

³⁷ [Isang kapatid na babae ang nagsasabi, “Kapatid na Branham?”—Pat.] Ano po ’yun, ginang. [“Pumunta kami sa doktor noong Lunes, matapos na ipanalangin mo siya sa unang pagkakataon, at ang lahat ng pleurisy na kirot sa kanyang dibdib ay gumaling nang lahat, nawala na sa kanyang lalamunan.”] Purihin ang Panginoon! Talagang binabago ng panalangin ang mga bagay-bagay.

Siyanga’t, wala siya rito, ngayong umaga, nandito ba siya, ’yung manugang na lalaki? Sige.

³⁸ Noong nakaraang Linggo, noong huling beses na nangaral ako rito, Linggo ng sanlinggo, may isang kabataan na nakaupo rito; lagi ko siyang tinitingnan. Sa isip-isip ko, “Mukhang kilala ko ang binatilyong ito.” At nalaman ko, siya pala’y anak ng dati kong kaeskuwela, si Jim Poole. Hayan nga, magkasama kaming lumaki noon, mula sa pagiging binatilyo, siyanga. Siya ’yung kasama ko noong maaksidente ako ukol sa shotgun, noong panahon na ’yun, at pagkatapos ay nagkaroon din siya, at kaibigan ko siya. Umaasa ako na maaakay ko ang binatilyong ito kay Cristo. Sinikap ko noon nang husto ang tatay niya. Naniniwala ako na magagawa ko pa, rin, na maakay siya. Umaasa ako na maaakay ko ang kabataang lalaki na ’yun. Siya’y may . . . Tumitingin-tingin ako sa paligid para makita siya. Mukha ngang siya’y may mainam na, ang tawag ko rito ngayon (siyanga’t huwag n’yo pong banggitin ang impresyon na ito sa iba), hayan nga, hugong ng kanyang espiritu, isang mainam na pakiramdam. Naniniwala ako na hindi ako mahihirapan na akayin ang binatilyong ’yan kay Cristo. Kaya manalangin tayo para sa kanya. Ganoon nga.

³⁹ At, kapatid, kita n’yo, may iba pa na may sakit, o kung ano, na sinisikap kong alalahanin.

⁴⁰ Gayunpaman, ipinapanalangin natin ang lahat. At kung minsan . . . Kapag magpapadala ka ng kahilingan, alalahanin n’yo, pagkakuha na pagkakuha ko n’yan. . . Ang maybahay ko po ay nasa gusali kung saan, sa palagay ko, kaya alam niya. Pagkatanggap na pagkatanggap ko ng isang kahilingan, diretso ako mismo sa tago kong silid, na nananalangin, at nananatili roon hanggang sa makaramdam ako ng isang bagay. Hindi ko nga ito tinalilikdan.

⁴¹ Noong isang araw, noong si Sam, si Dr. Sam, nung alisin niya ang pirasong ’yun sa mata ko, haya’t dinadahan-dahan niya, at masakit sa kanya, na nilalagyan niya ng bimpo ang mukha ko. Sabi, “Hindi ko maatim na makita ang dugo ng kaibigan ko.” Sabi . . . At talagang danak talaga, alam n’yo. Sabi niya—sabi niya, “Hindi ko talaga maatim na trabahuin ’yun.” Kita n’yo? At

binunot niya 'yun. At noong sumunod na araw ay nasa ospital siya. Kaya ipinanalangin ko siya, at maigi naman ang naging lagay niya.

⁴² At pagkatapos noong ikalawang araw, ang maybahay niya, hindi nga nila alam kung anong problema sa asawa niya, ang akala'y pinopolio siya. Kita n'yo? Sabi, at sabi . . . At nanalangin ako para sa kanya, at ngayon siya'y nasa bahay na nila't maigi na ang lagay. Pagkatapos pumasok kami sa silid, si Dok . . . Pumasok kami sa opisina, at siya . . . Hinila namin nang sabay ang pinto, sabi, "Ngayon, Kapatid na Bill, may hihilingin ako sa iyo na isang bagay." Sabi, "Maaari mo bang ipanalangin ako at si Betty?"

Sabi ko, "Sige. Sige't manalangin tayo."

⁴³ Mangyari po, na siya yaong ipinakita ng Panginoon sa pangitain, kung saan itatayo ang kanyang klinika. Inyong, naalala n'yo ang kuwento. Kung duda kayo, bumisita kayo at tanungin siya minsan. Hayan nga, bigla mismong nagsabi, "Sige hayaan mong bumisita ang sinuman." Sabi, "Ipinamalita ko na ito sa sampung libong tao."

⁴⁴ [Sinasabi ng isang kapatid na lalaki, "Kapatid na Branham?"—Pat.] Ano po 'yun, kapatid. ["Para sa mga narito sa umagang ito at para makapaglagak tayo ng higit na pananampalataya sa puso ninuman: noong Linggo ng umaga ng Pagkabuhay, may tinawag ka na isang kalugud-lugod na kaluluwa rito, 'yung ikatlo, na isang lalaki. Sinabi mo na siya'y taga-Seymour. At ang sabi mo, sa pamamagitan ng pahid ng Espiritu Santo, 'Ang tawag nila sa'yo ay, "Bill." Kilala ko ang lalaking 'yun. Kilalang-kilala ko siya. At matapos naming umalis dito, ang pangalan nga niya ay Isaac. Tunay na ang tawag nila sa kanya ay 'Bill.'"] Siyanga, po. Kita n'yo?

⁴⁵ Ang aktuwal niyang pangalan ay Isaac. [Sinasabi ng kapatid na lalaki, "Tama po."—Pat.] Pero ang tawag nila sa kanya ay Bill. ["Tama po."]

⁴⁶ Hindi po nagkakamali ang Espiritu Santo. Ito'y dinagkakamali. Ngayon, heto, may nagsasabi, ang sabi . . . Ako'y—ako'y limampu't tatlong gulang na, at tat . . . halos magtatalumpu't isang taon na, na ako'y tumatayo sa likod ng pulpito, at nasaksihan ko Siya sa makasampung libo na mga bagay-bagay.

⁴⁷ Kahapon, ako'y nasa, nandun ako sa, katimugang Kentucky, doon sa may hangganan ng Tennessee, at nakaupo ako sa isang bangka kasama si Kapatid na Daulton, na ipinagkaloob ng Panginoon ang lahat na mga anak niya sa kanya. Naalala n'yo 'yung umaga na 'yun dito, noong nagpasimula siya. At ang sabi niya, "Kapatid na Branham," sabi, "Sa palagay ko mahirap para sa'yo na tantyahin."

48 Sabi ko, “Oh, Kapatid na Daulton, makasampung libo na makasampung libo ng mga bagay na gaya n’yan.”

Sabi, “Bakit di mo subukang sumulat ng isang aklat” (sabi ko. . .) “tungkol dito?”

49 Sabi ko, “Oh, naku, Kapatid na Daulton, ito nga’y—ito nga’y aabot hanggang sa bangka rito, na isang ensayklopedya mismo, talagang makailang tomo ng mga aklat tungkol sa bagay na nakita ko na ginawa ng Panginoon. At ni isang beses ay hindi Siya nabigo, kita mo, maski isang beses; anupa’t, perpekto bawat pagkakataon.”

50 Sa tingin ko, sa palagay ko ngayon, kung di ako nagkakamali, ang anak na babae ni Kapatid na Shepherd, na nakasuot ng parang kulay-kahel na bestida. Yun ’yung sa isip-isip ko. Hinintuan ko siya, noong isang umaga. Naglalakad siya, at sa isip-isip ko, at ang akala ko’y maling binibini ang nahintuan ko, kaya umalis agad ako. Mangyari na ako po ’yun na huminto, kapatid na babae. Iniisip ko—iniisip ko na ang anak na babae ’yun ni Kapatid na Shepherd, at hinintuan ko siya, dahil iniisip ko na baka ang kotse niya’y sira o kung ano. Papunta kami noon, para sunduin si Becky. At sa isip-isip ko—sa isip-isip ko baka maling binibini. Pero ngayon nakikita ko siya na nakaupo riyan kasama sila, kaya naniniwala ako—naniniwala ako na ang tamang binibini pala talaga ’yun. Mangyari nga na ako po ’yung huminto roon at bigla rin namang umalis.

51 Kaya, ang lahat ba’y umiibig sa Panginoong Jesus? Oh, kahanga-hanga! Mabuti’t mainam ’yan. Amen.

52 [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Kapapasok lang ni Kapatid na Willard.”—Pat.] Buweno, Kapatid na Willard, ikinagagalak namin na makapasok ka ngayon. At mainam ang itsura mo, siyanga rin, ang pinaka mainam na pagkakita ko sa’yo. Kapwa nga tayo bumilog na parang hamburger, dito sa bandang mukha. Mistula nga akong natamaan ng sandakot nito. At nakita ko si Kapatid na Willard nung gabi na ’yun, noong tulog siya, at sa totoo lang po, hindi kaaya-aya ang itsura niya. Pero mukha ka pong maaliwalas sa umagang ito. At ibinibigay natin ang pasasalamat at papuri sa Diyos dahil dito, kapatid. Amen. Siyanga. Alam mo ba, na di tayo mapapatay ng diyablo hanggang sa sabihin ng Diyos, “Halika na.” Tapos nun nais na nating umuwi, hindi ba, Kapatid na Willard? Ganoon nga. Hanggang sa ngayon nagpupumilit lang ang kaaway sa walang katuturan. Ganoon nga. Ang Panginoong Jesus ang ating tulong at ating kublihan.

53 Ngayon heto’t ito ang ipinapangusap ko, samantalang may halos anim na oras ako na ipapangaral sa umagang ito. Kita n’yo? Sadyang. . . Ngayon, hindi tayo kailanman nagpapasabi, hindi nagpapadala ng mga tiket, at mga bagay-bagay, dahil inanunsyo ko na na wala ako rito. Pero, para po makapunta rito

at makatulong kay Kapatid na Neville, at makita uli kayong lahat, at magkaroon ng kaunting panahon ng pakikipagbuklod.

⁵⁴ At noong nakaraang Linggo ng gabi, si Kapatid na Roy Roberson, hindi ko lang alam kung nandito siya, o wala. Hindi ko lang matanaw nang maayos para makita kung nandito ba siya. Tinawagan niya ako, may sinasabi siya sa akin tungkol sa Mensahe.

⁵⁵ At may tumawag, ang sabi, “Iniisip ko lang noong nangusap ka tungkol sa ‘ipinagkaloob na ng Diyos ang lahat ng mga bagay sa atin.” Kita n’yo? Ginawa nga Niya. Nagkaloob Siya sa atin ng buhay. Sige’t subukan n’yong bilhin ’yun. Nagkaloob Siya sa atin ng pag-ibig. Sige’t subukan n’yong bilhin ’yun. Nagkaloob Siya sa atin ng kagalakan. Sige nga subukan n’yong bilhin ’yun. Nagkaloob Siya sa atin ng kapayapaan. Sige’t subukan n’yong bilhin ’yun. Wala talagang paraan para mabili n’yo ito. Hinding-hindi n’yo ito mabibili.

Pagkatapos ang sabi ko, “Pinagkalooban Niya tayo ng kamatayan.”

May tumawag, ang sabi, “Mangangaral, iniisip ko lang kung saan kaya patungo ang punto mo na ’yan.” Sabi, “Sa isip ko, ‘Uho, nailagay ni Kapatid na Branham ang sarili niya sa alanganin sa pagkakataon na ’yan.’” Hindi po yamang sinasaysay ito ng Biblia. Kita n’yo? Sinabi ng Biblia na nagbigay Siya sa atin ng kamatayan.

⁵⁶ Ngayon, anong magagawa natin sa kamatayan? Alam n’yo, si Pablo noong papalapit na siya sa kamatayan, ang sabi niya, “Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo?” Hindi tayo nakokontrol ng kamatayan. Kinokontrol natin ito. Tama. Lahat ng mga bagay ay ipinagkaloob na sa atin.

⁵⁷ At pagkatapos ibinigay ko ang pagsasalarawan kung paano ang Israel noon, sa pagmartsa nila patungong lupang pangako, hindi pa nila kailanman nasisilayan ang lupain na ’yun. Wala silang nalalaman na anuman tungkol dun. Ang taglay lang nila ay isang pangako ng Diyos, na may isang lupain, at ito’y puno ng gatas at pulot, at mabuti, at—at isang dakilang lugar. At ’yun ay...Hindi pa nila ’yun nakikita kailanman. Wala pang nakakapunta roon, ni may nalalaman tungkol dun. Pero taglay nila ang pangako para dun. At sa pamamagitan ng pananampalataya ay naglakbay sila sa ilang.

⁵⁸ At noong makarating sila doon sa hangganan, may isang mandirigma sila na ang pangalan ay *Josue*, na ang ibig sabihin, “Jehovah na Tagapagligtas.” Mangyari na tumawid siya sa Jordan, patungo sa lupang pangako, at dinala pabalik ang ebidensya na naroon nga ang lupain. Gusto ko ’yan. At isa’yung mabuting lupa. Dalawang kalalakihan ang nagpapasan ng isang bungkol ng mga ubas. Isa’yung mabuting lupain, kaya dinala

niya pabalik ang ebidensya na ang lupain na kanilang kakamtin bilang pag-aari ay naroon talaga.

⁵⁹ Ngayon, sa Iglesia, tayo'y naglalakbay patungo sa isang Lupain ng imortalidad, isang Lupain na walang kamatayan, isang Lupain kung saan ang patay ay ibinangon. At may isang dakilang Tagapagligtas tayo sa ating kampamento. Ang ibig sabihin ng *Jesus* ay “Jehovah na Tagapagligtas,” Sinisinta. At Kanyang tinawid ang Jordan ng kamatayan, patungo roon sa kabilang Lupain, at bumalik, at dinala ang ebidensya na tayo'y mabubuhay pagkatapos ng kamatayan. Amen. Kaya nasaan ang kamatayan?

⁶⁰ At pagkatapos ay Kanyang ipinagkaloob sa atin ang lahat na mga bagay. “Ngayon ay taglay natin ang katibayan ng ating mana. Sa gayon . . .” Ngayon pakinggan n'yo pong maigi. At hindi po 'yan ang paksa na ipapangaral ko, pero sadyang nakakaramdam ako ng kaluguran dito ngayon. Kita n'yo? Na, kamit natin ang katibayan na 'yun. Dahil, isang araw ay lumakad tayo sa kasalanan; at matapos na mabautismuhan sa Kanyang Pangalan, at ibinangon kasama Siya sa pagkabuhay na mag-uli, dinala tayo palabas mula sa kasalanan, na kailanman ay di na natin nanaisin na bumalik pang muli. Kita n'yo? Tayo'y binangon mula sa kasalanan, kamit ang ebidensya na taglay natin. Tayo'y potensyal na nasa pagkabuhay na mag-uli mula sa lahat na kamatayan. Kita n'yo? Kung makababangon tayo mula sa kasalanan, sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya; at may kasalanan, sino pa ang magnanais na bumalik sa mga basurahan ng kasalanan muli? Kita n'yo? Tayo'y lumipat na mula kamatayan patungong Buhay. Kita n'yo? At 'yun ang katibayan. Amen. Yan ang paunang katibayan ng ganap na pagkabuhay na mag-uli. Ang lahat na kamatayan, sa pisikal at sa espirituwal, tapos na nating mapagtagumpayan ang espirituwal na kamatayan, dahil lumipat na tayo mula kamatayan patungong Buhay.

⁶¹ At gaya noong si Elias ay nagtungo sa Jordan isang araw, at hinampas 'yun, kasama si Eliseo, at ang ilog ay nahawi, at kanyang tinawid ito. Bumalik siya na kamit ang dobleng bisa.

⁶² At kapag hahampasin na natin ang Jordan, kasama si Cristo, kamit natin ang isang bahaging bisa, pero sa pagbabalik natin, tayo'y bumabalik na kamit ang dobleng bisa nito. Kamit natin ang Buhay na Walang Hanggan, pagkabuhay na mag-uli mula sa kasalanan, ngayon, sa katuwiran kalakip ang Espiritu Santo. At pagkatapos sa pagbabalik, kasama si Cristo, tayo'y bumabalik na kamit ang kapwa pisikal na pagkabuhay na mag-uli, at kamit na natin ang espirituwal na pagkabuhay na mag-uli. Kamit natin ang dobleng bisa nito. Sa tuwina'y tipo nga ni Cristo at ng Iglesia: si Eliseo at Elias.

⁶³ Oh, ayaw ko sanang mag-umpisa sa bagay na 'yan. Naku, naku, naku, hindi na tayo makakadako sa pang-anim na oras

na Mensaheng ito. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Karne sa buto, talaga.”—Pat.] Sige. Naku! “Karne nga sa buto,” Kapatid na Neville. Nginunguya pa ito. Oh, hindi ba kayo nagagalak? Kita n’yo? Wala tayong. . .

⁶⁴ Wala nang kaligaligan pa. Wala na ang kamatayan. Kamit natin ito. Ito’y atin. Hindi ako nito makokontrol. Kinokontrol ko ito. Paano? Sa pamamagitan Niya na Siyang gumawa sa akin na maging isang mananagumpay, dahil akin nang napagtagumpayan ang kamatayan. Paano ko ginawa ito? Sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya. Kita n’yo? Ang kamatayan ay nasa kasalanan, di-pananampalataya. Hindi ako isang di-mananampalataya. Ako’y isang mananampalataya. Ako’y umangat na mula sa bagay na ’yan, nabuhay na mag-uli. Ito ang katibayan ng lahat ng aking ganap na pisikal, espirituwal na pagkabuhay na mag-uli, lahat mismo. Siyanga, po. Nakukuha n’yo ba? Kaya tunay na ang kamatayan ay nasa ilalim ng ating kontrol, sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Siyang nanagumpay sa kamatayan, impyerno, libingan, sakit, kalungkutan, lahat ng iba pa, haya’t pinagtagumpayan ang lahat-lahat.

⁶⁵ At tayo ngayon ay ibinangon kasama Siya, nakaupo sa Makalangit na mga dako, sa espirituwal na pananalita, kay Cristo Jesus, na ang lahat ng mga bagay ay nasa ilalim ng mga paa natin. Maging ang pisikal na pagkabuhay na mag-uli ay nasa ilalim ng ating mga paa, dahil nakay Cristo tayo. Inyo bang—inyo bang nakukuha ito? Kung nakukuha n’yo, itaas n’yo ang inyong mga kamay. Amen. Mainam. Basta’t nakukuha n’yo ito, mainam ’yan. Kita n’yo? Huwag n’yong hayaang. . . Ngayon panatilihin n’yo lang ’yan sa isipan n’yo. Kita n’yo? “Tayo’y lumipat na mula kamatayan patungong Buhay,” sa pisikal, sa espirituwal sa bawat paraan.

⁶⁶ At ang lahat, at lahat na mga bagay, ay pag-aari na natin ngayon. Aba, ang sanlibutan dito sa labas ay sinasabi na tayo’y baliw, at sa kabila nun ay pagmamay-ari natin ang mundo. Paano n’yo ito mamanahin?

⁶⁷ Gayong, gaya ng sinabi ko, si Abraham, kita n’yo, siya’y nasa lupang pangako; ibinigay ito sa kanya ng Diyos. Dinakip noon si Lot ng mga lilong tulisan, binihag. Yun ang kanyang pamangkin. Buweno. Lahat ng nasa lupaing ’yun ay pagmamay-ari ni Abraham. Mangyari nga, na di siya isang mandirigma. Kailanman ay di pa siya nakaranas lumaban. Wala rin siyang mga mandirigma na kasama niya. Ang mayroon siya ay mga katulong. Pero noong makita niya ang bagay na ’yun, ang diyablo, na pumaroon at ninakawan siya ng bagay na isang pangako para sa kanya, inarmahan niya ang kanyang mga katulong at siya mismo’y kumuha ng armas. Hindi niya alam kung paano niya pananagumpayan ang buong sanib-puwersa ng mga hari. Kakaunting mga katulong lang, pero sinabi sa kanya ng Diyos kung paano ’yun gawin. Pinagpangkat-pangkat

niya ang mga tauhan niya, at pinaslang ang mga hari, at bumalik na matagumpay. Bakit? Inilagak niya ang kanyang pananampalataya sa pangako ng Diyos na ang lahat na naroon sa lupain na 'yun ay kanya, at si Lot ay bahagi nun, ganoon nga, na bahagi ng lupain. Oh, grabe!

⁶⁸ At doon ay nakatagpo niya si Melquisedec, pagkatapos na matapos ang labanan. Nakikinita n'yo ba si Abraham na naglalakad palapit doon sa daan? Hindi niya alam na isa pala siyang mandirigma, pero doon na niya nalaman na siya'y ganoon. Siyanga, po. At nakatagpo niya ang Isa na Siyang nagkaloo ng pangako, si Melquisedec.

⁶⁹ Ngayon magbasa tayo mula sa Aklat ni Amos. Ako po'y mangungusap sa umagang ito; hindi naman anim na oras, siyanga. Umaasa ako na hindi. Kita n'yo? Tungkol sa isang—sa isang paksa, itong, *Ang Daan Ng Isang Tunay Na Propeta*. At mamayang gabi, kung loobin ng Panginoon, ako nama'y mangangaral tungkol sa, *Pagpapakawala Ng Kulo*, at kaya loobin ng—ng Panginoon.

⁷⁰ Ngayon, kilala ako sa pagiging kritiko, pero ako'y—ako'y—ako'y di po mapunahin, haya't sa mga bagay lang na mali. Pero ako, tayo, dapat mapunahin tayo sa mga bagay na mali.

⁷¹ Ngayon, kung paaandarin n'yo na ang mga rekorder n'yo ngayon, sa silid, haya't, sige. Nais ko ngayon bumasa mula sa Amos, sa ika-3 kabanata. O ang. . . Opo. Ang ika-3 kabanata ng Amos, isang bahagi lang nito, Amos 3:

Dinggin ninyo ang salitang ito na sinalita ng PANGINOON laban sa inyo, Oh mga anak ni Israel, laban sa buong angkan na aking iniahon mula sa lupain ng Egipto, na sinasabi,

Kayo lamang ang aking nakilala sa lahat ng angkan sa lupa: kaya't kayo'y aking paparusahan dahil sa . . . inyong kasalanan.

Makalalakad бага ang dalawa na magkasama, liban na sila'y magkasundo?

Ungal бага ang leon sa gubat, kung wala siyang huli? sisigaw бага ang batang leon sa kaniyang yungib, kung wala siyang huling anoman?

Malalaglag бага ang ibon sa silo sa ibabaw ng lupa, ng walang silo sa kaniya? lulukso бага ang panghuli mula sa lupa, at walang nahuling anoman?

Tutunog бага ang pakakak sa bayan, at ang bayan ay hindi manginginig? sasapit бага ang kasamaan sa bayan, at hindi ginawa ng PANGINOON?

Tunay na ang Panginoon . . . ay walang gagawin, kundi kaniyang ihahayag ang kaniyang mga lihim sa kaniyang mga lingkod na mga propeta.

*Ang leon ay umungal, sinong di matatakot?
ang Panginoong Dios ay nagsalita, sinong hindi
manghuhula?*

⁷² Ang mga mata niya marahil ay sumisingkit, habang nakatayo siya noong umaga na 'yun sa ibabaw ng burol sa ibayo lamang ng bayan ng Samaria. Nakikinita ko ang pirmi niyang mga kamay na hagod-hagod ang kanyang kulay-abong balbas. Ang mainit na araw ay sumisinag. Hindi siya glamorosong tingnan. Ibang-iba sa modernong mga ebanghelista sa panahon ngayon! Ang damit niya'y gulanit; ang balbas ay patikwas-tikwas. At tumanaw siya sa bayan ng Samaria, ang kanyang mga mata'y sumisingkit habang nakatingin siya. Hindi siya kaaya-ayang tingnan, pero taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON para sa bansa na 'yun.

⁷³ Ito, marahil, ay ibang-iba para sa parating na paghayo na ito, na ipinadala siya ng Panginoon sa Samaria, kumpara sa kung ano sa ating mga modernong ebanghelista. Hindi siya nasasangkapan para sa ganoong rebaybal, gaya ng iniisip natin na siya'y dapat talagang nasangkapan sa panahon ngayon. Pero alalahanin n'yo, hindi siya isang modernong ebanghelista. Isa siyang propeta. Wala siyang pakialam sa modernong kasangkapan. Taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

⁷⁴ Wala siyang pakialam kung ano ang itsura niya, at kung moda ba ang pananamit niya, o kung ang buhok ba niya'y tama ang pagkakasuklay, o kung ang mga tao'y titingin sa kanya o hindi. Taglay niya ang Salita ng Panginoon. Yun ang buo niyang layunin: dalhin ang Salita ng Panginoon. Sino ang lalaking ito? Siyanga. Ito'y si Amos, ang propeta, isang gusgusing indibiduwal, pero alam niya kung saan siya nakatindig. Alam niya kung ano ang ginagawa niya. Siya'y isang tunay na propeta ng Salita. At ang dahilan kung bakit naparoon siya sa bayan na ito, ay dahil ang Salita'y dumating sa kanya.

⁷⁵ At kapag ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa isang tunay na lingkod, siya'y dapat humayo, kahit na ano pa ang sirkumstansya, o kahit ano pa ang kahirapan. Siya'y kailangang humayo, ano't anuman. Siya man ay preparado, ramdam man niya na nais niya ito, gusto man niya ito, anupamang iba; siya'y kailangang humayo, ano't anuman. Ang Diyos ito na nangungusap, at kinakailangan niyang dalhin ang Mensahe na ito. Dahil, ito'y...Hindi siya kailanman humahayo para sa walang kabuluhan. Hindi siya humahayo para sa salapi. Hindi siya humahayo para sa popularidad. Humahayo lamang siya sa Pangalan ng Panginoon, para sa isang bagay. Mayroon siyang isang-isang misyon, at siya'y ipinadala ng Panginoon. At siya ang Salita ng Diyos, dahil dala niya ang Salita ng Panginoon. Yan ang isang tunay na propeta ng Panginoon.

Ang teksto ko po ay: *Ang Daan Ng Isang Tunay Na Propeta Ng Diyos.*

⁷⁶ Itong dakila't, walang takot na lingkod ng Diyos ay nagproposiya sa panahon ni Jeroboam na ikalawa. May naisulat ako rito na bahagi ng kanyang kasaysayan sa harap ko. Siya'y nagproposiya ng halos tatlumpung taon ng kanyang paghayo. At si Jeroboam ay, si Jeroboam na ikalawa, ay mangyari ngang matalino't may kakayahan na lalaki para sa Israel noong mga panahon na 'yun. Isa siyang lalaki na nagdala ng kasaganaan sa Israel. Ang Israel noon ay ganap ngang yumayabong. Pero, siya, may kung anong bagay na mali sa kanya. Isa siyang sumasamba sa diyus-diyosan.

⁷⁷ At binabasa-basa ko ito, noong isang araw, medyo naisip ko na angkop na angkop ito sa panahon ngayon. Kahit na gaano pang katalino ang isang tao, at kahit na gaano pang may kakayahan siya na gumawa, at kahit na gaano pa ang kasaganaan, kung siya'y lalayo mula sa Diyos, isa siyang pananagutan sa bansa, na malayo sa Diyos at sa Kanyang Salita. Iniisip ko nga kung hindi ba't angkop na angkop ito sa atin, sa panahon ngayon, sa isang tao na mahilig matampok sa telebisyon at ipinapakita dun kung gaanong katalino sila, gaanong utak ang mayroon sila. Pero iniisip ko kung may taglay ba silang kasapatan para dalhin ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Isa siyang matalinong lalaki, hayan nga.

⁷⁸ Ang Israel noon ay nasa isang kalagayan ng pagtalikod sa pananampalataya. Ang mga mangangaral nito, mga saserdote, at maging ang gobyerno nito, ang lahat ay tumalikod mismo mula sa Salita ng Panginoon. Ngayon, di sila naniniwala na ganyan. Ang paniwala nila'y nasa Salita sila ng Panginoon. "Subalit may isang daan na mistulang tama sa isang tao, ngunit ang dulo niyaon ay mga daan ng kamatayan." Bakit sila mali? Bakit maniniwala ang isang tao na—na—na sila'y mali? Ang buong pagkasaserdote mismo ng mga kalalakihan, libo-libong mga mangangaral at mga saserdote, at mga hari't mga gobernador, lahat nga na nag-aangkin na mga mananamba sa Diyos, at, sa kabila nun, lahat sila'y mali.

⁷⁹ Kung ganoon, hindi isang hari para sa kasaganaan ang kailangan nila. Ang kailangan nila ay isang propeta, dahil ang Salita ng Panginoon, o ang interpretasyon ng Salita ng Panginoon, ay dumarating sa isang tunay na propeta. Kung minsan makikita n'yo kung ano ang daan niya. Yun nga'y medyo magaspang na daan, na ang lahat na mga saserdote, at lahat na mga mangangaral, at—at—at lahat na mga manghuhula, at—at maski ang gobyerno mismo'y laban sa kanya. Pero, sa kabila nun, ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa propeta, at sa kanya lamang. Taglay niya ang tamang Salita. Gayong ang Bibliang mayroon siya ay pareho sa mayroon sila, pero ang Salita nga'y sumasakanya. Pinagtitibay ng Diyos na taglay niya ang Salita.

⁸⁰ Kamit nila ang naggagarbuhang mga gusali't mga sistemang relihiyon, at iba pa, na taglay nila, mga dambana na itinayo sa lahat ng dako, at—at lahat na ng uri ng—ng mga bagay-bagay, pero sila'y milyong milya ang layo mula sa Salita ng Diyos.

⁸¹ Iniisip ko, mismo, na ang pagsasalarawan na 'yan ay angkop mismo sa panahon ngayon, habang binabasa ko ang Aklat na ito ni Amos. Kailangan n'yong basahin ito pagkauwi n'yo. Ang buong gobyerno mismo, mga saserdote, at lahat sila'y iniwan ang Salita ng Diyos.

⁸² Nais ko lamang basahin ang ilan pang bahagi ng Kasulatan na ito, na hawak ko, para ipakita kung saan nila nagawa 'yun. Ngayon basahin natin ang ika-2 kabanata at ang ika-4 na talata, pansumandali.

Ganito ang sabi ng PANGINOON; Dahil sa tatlong pagsalansang ng Juda, oo, dahil sa apat, hindi ko ihihawalay ang kaparusahan sa kaniya; sapagka't kanilang itinakuwil ang kautusan ng PANGINOON, . . .

⁸³ Yan ang Salita, hinamak Ito, at sa kabila nun ay inaakala nilang kamit nila Ito.

. . . at hindi iningatan ang aking mga palatuntunan, at iniligaw sila ng kanilang kasinungalingan, . . .

⁸⁴ Ngayon, mayroon sila nitong Salita, Biblia, pero ang mga kasinungalingan nila na inihahalo Rito ang nagbunsod na sila'y magkamali.

. . . ayon . . . sa inilakad ng kanilang mga magulang:

⁸⁵ Nakita n'yo ang dahilan? Ngayon, sila'y may pagkakamali dahil inilagay nila ang sarili nilang mga pagsasalin o mga interpretasyon sa Salita. At iniisip ko na ito'y angkop sa panahon ngayon, dahil napakarami ang nais ilagay ang sarili nilang kaisipan sa Salita, at napunta tuloy tayo sa isang kaguluhan. Grabeng sawata mula sa Diyos, ang propetang ito.

⁸⁶ Ngayon, si Amos ay propeta ng Diyos, isang tunay na propeta. Sinuman na nakabasa na tungkol kay Amos ay nalalaman ang katapangan ng walang takot na lingkod na ito ng Diyos. Ibinibilang siya na isa sa menor na mga propeta, dahil hindi siya tumagal, pero tunay nga na iniatang niya ang palakol sa ugat ng puno. Isa siya sa pinaka walang takot na propeta, at siya'y dumating na kamit ang pahid. Siya'y dumating na taglay ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Alam niya kung anong sinasabi niya, dahil ang pahid ng Diyos ay nasa kanya para ihatid ang tamang interpretasyon ng Salita ng Diyos sa kanila.

⁸⁷ Si Amos ay galing sa probinsya, sa ilang, patungo sa isang siyudad ng kabighaninan. Hindi pa siya nakakapunta sa lugar na 'yun. Isa siyang probinsyano, na galing mismo sa liblib ng ilang. Habang naroon siya na nananalangin, kinatagpo siya ng Diyos,

at sinaysay sa kanya ang kasamaan ng glamorosong bansa na ito kung saan siya'y bahagi nito. At ang Samaria ang kabisera, isa sa mga kabisera noong panahon na 'yun, at paghahari 'yun noon ni Jeroboam.

⁸⁸ At noong tumayo siya roon noong umaga na 'yun, sa ibabaw ng burol, na naglalakad na ang suot ay lumang, gusgusin, na probinsyanong damit, marahil tadtad ng alikabok at putik ang kanyang mga paa, at natutulog na suot pa rin ang luma't gusgusing damit na 'yun, gabi-gabi. At di ko alam, wala siyang mga paliguang lubluban noong mga araw na 'yun. Marahil mga ilang araw na siyang hindi nakakaligo. Pero hindi nun mapapasama ang panloob ng tao. Masyado, sa panahon ngayon, na pinagtutuunan ng pansin ang panlabas, na hindi nasasapatan ang panloob. Masyado nating inaalala kung tayo ba'y nakakaligo araw-araw, at kung ang buhok ba nati'y mainam ang pagkakaayos, at kung ang mga damit ba nati'y napapalitan, at lahat na, at pagkatapos napapabayaang ang panloob, na ang suot ay siya ring lumang makasalanang pananamit, na pinababaho ang kaluluwa dahil sa mga kredo't mga dogma, at hindi nga ito sinisiyasat at di ito hinuhugasan sa Salita ng tubig ng paghihiwalay, mula sa mga bagay ng sanlibutan.

⁸⁹ Habang nakatayo siya roon noong umaga na 'yun, nakatanaw sa ibabaw ng burol, sa glamorosong bayan, na punung-puno ng mga modernong bagay na hindi niya kailanman inakala na may ganoon palang bagay. Nasa rurok ang Israel noon. Nasa isang alyansa ito sa lahat na mga bansa sa paligid nito. Napaka glamoroso, ang mga kababaihan na kumtoda ang bihis, at ang—at ang mga kalalakhian din. Sila'y lungong sa pag-aaliw, nagpapakarera, at mga olimpiko, at lahat na ng nagaganap doon. Hindi na nakakapagtaka na ang kanyang mga mata'y naningkit; hindi dahil sa kabighanian ng siyudad, gaya ng ginagawa ng ilang mga turista, na bumibisita sa New York, o sa Los Angeles, na nakikita itong mga kababaihan na hubad na ang kalahating katawan, at kung anu-ano ang pinaggagagawa ng mga kalalakhian, at ang kasalanan.

⁹⁰ May ilan sa mga kaibigan ko, mga ilang araw ang nakakaraan, sila'y umuwi galing sa isang pamimingwit na biyahe, doon mismo sa ibaba ng isang kolehiyo ng Bibliang isang kilala't, bantog na kolehiyo ng Biblia. At doon, nakahiga sa daan, sa damuhan, naroon ang mga kabataang babae, na kalahating hubad, at mga kabataang lalaki, marahil mga estudyante mula sa kolehiyong 'yun, na nag-iinuman at kung anu-ano ang pinaggagagawa, terrible.

⁹¹ Ngayon, 'yung ganoong klase ng pinaggagagawa ang kumikiliti sa gana ng maraming Amerikano na tinatawag ang mga sarili na mga Cristiano. Noong sumulyap sila sa Los Angeles, o pinagmamasdan ko sila sa eroplano noong papunta

kami sa Los Angeles; haya't di pa nila ito nakikita noon; o pa-Hollywood, o—o pa-Florida habang nariyan ang lahat na mga neon nilang pailaw sa ibabaw ng—ng mga puno ng palmera. O, panay ang pagpulbo nila sa kanilang ilong, at inaayos ang kolorete. Sila nga. . . Iniisip nila na 'yun ang pinaka glamorosong bagay na nakita nila kailanman. At makikita ang mga taong maaayos at kuntodo ang bihis, na naglalakad sa lansangan, gustung-gusto nilang lumabas doon at titingnan kung gaano bang kasikip nila maisusuot ang kanilang mga damit, o magpapakendeng-kendeng sa lansangan. Hayan nga, na iniisip nila na kaaya-ayang bagay 'yun.

⁹² Pero yaong mga pinahiran-ng-Diyos na mga mata ng propeta na 'yun ay di naningkit dahil sa kabighanian na 'yun, gaya ng ilang mga turista, kundi dahil sa pagkabulok ng moralidad, sa isang bayan na tinawag na pinagpala ng Diyos. Hindi tumingin ang mga mata niya sa kabighanian. Hindi naningkit ang mga 'yun dahil sa kabighanian. Yun ay dahil sa—sa—sa kahalayan at pagkabulok ng isang bayan na tinawag na magiging pinili ng Diyos, at ganoon naman ang inaakto. Di nakakapagtaka, na sinabi niya, “Ang leon ay umungal, sinong hindi matatakot? Ang Diyos ay nagsalita, at sinong pipigil sa pagproposesiya?”

⁹³ Nakita niya ang pagkabulok, ang pagkabukbok. Yun 'yung tinitingnan niya. Yun 'yung nakita niya ang lahat ng 'yun. Hindi siya nun naakit. Napasuka siya sa kanyang kaluluwa. Bakit? Isa siyang propeta. Alam niya kung ano ang ipinangako ng Diyos na pagpapalain, at kung ano ang pagpapala, at kung paano aakto ang bayan sa ganoong pagpapala. At ang diyablo'y binaluktot 'yun sa panahon niya, mula sa kung ano ang isang tunay na pagpapala, pinaging isang—isang—isang pagkabulok ng moralidad; isang pagpapala na kumikiliti sa mga mata't gana ng mga taong di napagbagong-loob, kaysa sa kalooban at daan ng Diyos, at daan ng buhay ng Diyos.

⁹⁴ Tipikal na tipikal sa panahon ngayon! Kung papaanong ang mga mangangaral ay nakakatayo sa pulpito, at titingin sa kasalanan at kabulukan ng sanlibutang ito, at makikita ang mga tao na kumikilos at umaakto sa paraan ng ginagawa nila, at pagkatapos ay pagpapalain pa rin sila dahil sila'y isang miyembro ng kanilang iglesia, o isang denominasyon, ito nga'y lagpas sa kayang apuhapin ng aking kaluluwa.

⁹⁵ Kapag ang Diyos ay nangusap, nagproposesiya! Kapag dumarating ang Espiritu ng Diyos sa isang tunay na propeta ng Diyos, siya'y sisigaw gamit ang Salita. Ayaw kong maging kritikal, pero sino ang kayang manahimik? Sino ang makaaatim na tumingin sa isang bagay na gaya nun, at magsasabi na isa siyang lingkod ni Cristo, at hindi 'yun pupunahin? Wala akong pakialam kung anong denominasyon ang magsasabi, o anong iglesia man ang makapagsasabi; 'yan ang dahilan kung bakit di ako kasapi sa kanila. Sisipain nila kayo palabas, 'yan

ang unang-una. Pero ang Salita ng Diyos ang una mismo. Kung ikaw ay isang mensahero, kinakailangan na may bagay kayo na sasabihin. Kung kayo'y magsasabi ng anumang laban sa Salitang ito, hindi kayo isang mensahero mula sa Diyos; mensahero kayo ng tipan ng kung anong denominasyon o kung anong teorya. Anupa't ang isang mensahero ng Diyos ay taglay ang Salita ng Diyos.

⁹⁶ At ang kaibigan natin, sa umagang ito, habang nakatuon tayo sa kanya, taglay niya ang Salita ng Diyos, dahil siya'y isang tunay na propeta ng Panginoon.

⁹⁷ Ngayon, iniisip nila na kamit nila ang—ang interpretasyon nun, at sa isip-isip nila, “Buweno, tunay nga, tingnan n'yo ang ginagawa namin.”

⁹⁸ Ngayon, hayan nga, nakikinita natin siya na nakatayo sa ibabaw ng isang burol sa umagang ito, nakatanaw, doon sa siyudad. Iniiling-iling ang kanyang ulo, na nakatanaw; ang mga mata niya'y naniningkit. Hila-hila ang kanyang manggas at pinupunasan ang pawis mula sa kanyang mukha, at ang alikabok. Ang mainit na araw ay sumisinag sa kalbo niyang ulo. Ang kanyang balbas ay nakalaylay; hagod-hagod niya 'yun ng kanyang mga kamay. Hindi kabighanian ang nakita niya. Kasalanan ang nakita niya. Hindi siya nun nalugod. Pinasama nun ang pakiramdam niya.

⁹⁹ Bakit di niya masabi, “Ako, na isang Israelita, tingnan n'yo kung gaanong umunlad ang aking bayan”? Paano niya 'yun masasabi samantalang siya'y isang tunay na propeta ng Diyos, na nalalaman ang mga resulta, at kung ano ang kahihinatnan ng isang bagay na gaya nun?

¹⁰⁰ Sige't itinding natin siya sa isang burol at patanawin siya. Patanawin siya sa Jeffersonville, sa mga tao na tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Cristiano. Patanawin siya sa saanmang dako sa Amerika sa mga tao na tinatawag ang kanilang mga sarili na Cristiano. Ang kanyang pinahiran-ng-Diyos na mga mata'y maniningkit muli. Ang kanyang mga kamay ay kikislot sa kanyang balbas. Bakit? Hindi niya nakikita ang kabighanian at kasaganaan na nakikita ng sanlibutan. Ang nakikita niya ay 'yung—'yung paglayo sa Diyos. Nakikita niya ang pagkabulok ng moralidad ng mga tao. Ang nakikita niya ay ang pagtalikod sa pananampalataya ng bansa. Ang nakikita niya'y ang kabulukan sa iglesya. Paano siya gagawa ng anumang bagay kundi ang maningkit ang kanyang mga mata, at ang paghahangad na makadako roon, para paggutay-gutayin niya ito?

¹⁰¹ Ano kaya kung may sinong obispo na kinatagpo siya roon, at nagsabi, “Ngayon, ikaw ba ang propeta ng Panginoon? Ngayon, sasabihin namin sa iyo kung anu-ano lang ang puwede mong sabihin at kung anu-ano ang hindi puwede”? Sa palagay n'yo

ba makikinig siya? Ano kaya kung sabihin nila, “Halika’t sumapi sa organisasyon namin ngayon, at tutulungan ka namin sa paghayo-hayo mo”? Sa palagay n’yo ba makikinig siya? Hindi. Hindi ko makinita na ganoon, sa isang lalaki na tulad nun. Hindi.

¹⁰² Siya’y ipinadala ng Diyos. Hindi niya kailangan ng anumang pakikipagtaguyod. Taglay niya ang Salita ng Diyos, ang pahid ng Diyos, ang itinalagang panahon ng Diyos. Siya’y dumarating dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Uh-huh. Yan ang tunay na propeta. Ganyan ang paraan niya ng paghayo. Humahayo siya na wala nang ibang dala kundi ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON.

¹⁰³ Magagawa ba ng glamorosong bayan na ito ng Samaria, itong tinituluhan ang mga sarili, na matataas ang edukasyon na Israel, na mga pulidong mga mangangaral at mga saserdote, na tanggapin ang isang hamak na ito, na di-kilalang lalaki? Marahil ang pagbabaybay niya ng pangungusap ay napakahina. Nanggaling sa isang dukhang pamilya sa ilang. Iniwan ang tahanan, tinawag ng Diyos, nagtungo sa ilang para pag-aralan ang Diyos at ang Kanyang Salita, at naging propeta. Ipinanganak siya ng Panginoon sa ganoong paraan.

¹⁰⁴ Ang mga propeta’y ipinanganak, isang mensahero para sa kapanahunan, na ang Diyos, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, ay nalalaman ang kapanahunan at ipinapadala dun ang Kanyang mensahero para punahin ang kasalanan.

¹⁰⁵ Magagawa ba ng glamorosong bayan na ’yun na tanggapin siya? Sa palagay n’yo ba ang mga kababaihan dun ay maglalaan ng anumang pansin sa bagay na kanyang sinasabi? Sa palagay n’yo ba ang mga saserdote’y makikinig sa kanya? Aba, hindi, po. Wala siyang bitbit na rekomendasyon, mula sa anumang organisasyon. Hindi niya masasabi, na, “Isinugo ako ng mga Fariseo.” Ni hindi rin niya masasabi na ipinadala siya ng mga Saduceo. Wala siyang dala-dala na anumang kredensyal. Wala siyang anumang card ng pakikisama mula sa anumang grupo ng mga tao. Wala siyang tagapanguna para ayusin ang kanyang paghayo. Walang mga Fariseo noon na nagdaos ng isang pagkakaisang pagtitipon at isang—at isang ministeryal na agahan, at pinagtipun-tipon ang lahat, para ayusin ang paghayo niya, at alam na siya’y parating. Siya’y di nila kilala. Wala siyang card ng pakikisama. Wala siyang mga kredensyal. Wala siyang rekomendasyon mula sa sinumang tao.

¹⁰⁶ Pero taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Yun ang pamamaraan ng isang tunay na propeta. Taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kung taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ’yun nga’y magiging malayong-iba mula sa mga gawang-tao na mga panukala rito. Yun lang ang kailangan niya. Kung darating siya sa *ganitong* paraan, dumarating siya sa pangalan ng isang iglesya. Kung

darating siya sa ganitong paraan, dumarating siya sa Pangalan ng Panginoon. Kaya, ang isang tunay na propeta ay dumarating sa paraan ng Pangalan ng Panginoon. Sa tuwina'y, dumarating siya sa Pangalan ng Panginoon.

¹⁰⁷ Ngayon, hindi siya makapagpakita ng mga card ng pakikisama, pero taglay niya—taglay niya ang Salita ng Diyos. At 'yun ang isinugo ng Diyos sa mga tao. Ngayon, ang mga tao'y bumuo sa sari-sarili nilang mga organisasyon. May iba't ibang sektaryan na grupo sila, at 'yun ang bagay na binuo ng mga tao. Pero wala nun si Amos. Ang taglay lang niya ay 'yung GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Yun ang mayroon siya.

¹⁰⁸ Nakikinita ko ang mga saserdote, isang umaga, na pansumandali sa umaga ng sabbath, nanalangin pansumandali, at kung ano pa, at nagdaos ng kaunting mga gawain ng pag-aalay, at—at mag-uumpukan. Haya't maguusap-usap tungkol sa mga bagay ukol kay dakilang Moises, tapos sa isa na 'yun na nabuhay, tapos sa isang dakila pang isa na nabuhay noong unang panahon. "Pero, oh, ang mga araw na 'yan ay lipas na ngayon. Kayo na mga tao'y kinikilala ang bago nating presidente, bago nating pamamahala at lahat ng mayroon tayo," at pag-uusapan pa ang kaunting mga bagay at uuwi na.

¹⁰⁹ Pero heto nga ang isang lalaki na walang pakialam diyan. Dumarating siya na dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Yan ang daan ng propeta. Walang pakikipagtaguyod, pero nalalaman kung anong kakaharapin niya, alam niya na ang lahat ay laban sa kanya, alam na kanilang tatanggihan siya, na di siya nila tatanggapin. Pero siya nga'y dumarating sa Pangalan ng Panginoon.

¹¹⁰ Alam ni Jesus na kakaharapin Niya ang Kalbaryo, pero Siya'y pumaroon sa Pangalan ng Panginoon. Kita n'yo? Yun ang daan ng tunay na propeta.

¹¹¹ Taglay niya ang Salita ng Panginoon para sa bansa. Pero ang tunay na Salita ng Panginoon ay banyaga sa mga tao roon. Hayan nga, na akala nila'y taglay nila Ito. Umaasa ako na tumimo ito nang malalim. Akala nila sila'y maka-Diyos at relihiyoso, pero ang tunay na Salita ng Diyos ay isang banyagang bagay sa kanila.

¹¹² Yan ang kalagayan sa panahon ngayon. Ang tunay na Salita ng Diyos na nahayag ay isang banyagang bagay sa maraming Pentecostal. Ang tunay na interpretasyon ng Salita, ang tunay na mga pagkaaba, at mga sumpa, ang tunay na mga pagpapala ng Diyos ay isang banyagang bagay sa maraming tao na tinatawag ang kanilang mga sarili na mga kabanalan, na miyembro ng iglesya, na mga Cristiano. Isa nga 'yung banyagang bagay sa kanila. Hindi nila 'yun alam. Banggitin n'yo Ito sa kanila. "Hindi pa namin naririnig ang bagay na gaya n'yan." At, sa kabila nun, ang kanilang mga organisasyon ay lumalago at sumasagana,

lumalaki't dumarami ang mga miyembro sa tuwina, at maraming mga organisasyon ang nadadagdag kada taon.

¹¹³ Ang akala nila ang anumang bagay na darating sa kanila ay kinakailangan na manggaling sa mga sektaryan na mga grupong 'yun. Tunay nga na di nila siya tatanggapin. Maging ngayon ay di nila 'yan gagawin. Matagal na silang nakalimot, na, "Ang Diyos ay may kakayahan na magbangon sa mga batong ito ng mga propeta sa Diyos." May kakayahan ang Diyos, sa mga taong tagaliblib na kakahuyan. May kakayahan Siya na magbangon, sa mga bato na ito, ng mga kalalakihan na titindig para sa Kanyang Salita, at ipropesiya sa Kanyang Pangalan, ang Katotohanan. "Iniaatang ang palakol sa ugat ng puno." Ang mangyayari'y ibunsod na mangyari. Wala akong pakialam kung siya man ay may pakikipagtaguyod o walang pakikipagtaguyod. Pero 'yun ang daan ng isang tunay na propeta.

¹¹⁴ Iniisip ng ibang tao na madali lang ito para sa kanya. Hindi nila alam kung anong sinasabi nila. Hindi siya binibiyahе sa bayan sakay sa isang karwahe, na nakaupo sa maiinam, na mga nakakurdong kabayo, na may mga palawit, at ang punong saserdote'y tatayo roon, na nakasuot sa ibabaw ng kanilang mga ulo ang nagtataasang mga putong, na yumuyuko sa kanya, "Ang kagalang-galang na si *Dr. Ganito-at-ganoon* ay parating na." Ang ganoon kasi'y pang-organisasyong pagsasaayos ng mga bagay-bagay.

¹¹⁵ Gaya ng pagdating ng Hari ng lahat sa kanila, Siya'y dumating, na ganoon, dumating sa pamamagitan ng isang sabsaban sa isang kamalig, kamalig ng baka. Siya'y di dumating kailanman sa karangyaan at kabantugan, bagkus ay dumating Siya sa kababaan ng pagiging isang Sanggol na ipinanganak sa isang kamalig. Si Amos ay di dumating...ang Salita ng Panginoon; dahil siya *yaong* Salita ng Panginoon noon. Alinmang Salita ng Diyos, ay hindi tao; ang Diyos ito.

Ang sabi ni Jesus, "Hindi Ako ang gumagawa ng mga gawa."

Sinasabi nila, "Isa ka lang Tao, na ginagawa ang Sarili na Diyos."

¹¹⁶ Ang sabi Niya, "Kung ganoon na di Ko ginagawa ang mga gawa ng Diyos, ay huwag n'yo Akong sampalatayanan. Ngunit kung ang mga gawa'y katibayan na mismo sa sarili nito, paniwalaan n'yo ang mga gawa, kung ayaw n'yong maniwala sa Akin."

¹¹⁷ Si Amos ay ang Salita ng Diyos na naglalakad sa daan. Naglakad siya roon, na di pino, wala sa modang-hulma ng sanlibutan. Dumating siya roon sa kapangyarihan ng Espiritu.

¹¹⁸ Sa ganyang paraan dumarating ang Salita ng Diyos. Hindi sa pang-organisasyon na kredo, hindi na isang walang paninindigan na bagay sa pulpito; bagkus Ito'y dumarating sa

kapangyarihan ng Espiritu, para ihayag ang Diyos sa bansa at sa mga tao. Yun ang pagkakaiba. Ibang-iba talaga!

¹¹⁹ Ngayon, ito'y napagtanto, na nakalimutan na nila matagal nang panahon, na ang Diyos ay may kakayahan na magbangon ng tunay na mga propeta sa mga bato. Wala silang... Ang organisasyon nila'y di kailangan magbangon ng isang tunay na propeta, dahil marahil hindi nila ito magagawa. Dahil, kung magagawa nila, 'yun nga'y lilitaw na isang maka-organisasyong propeta.

¹²⁰ Pero, ang Diyos ang nagpapalitaw! Ang Diyos ay ginagamit kung sino ang nais Niya. Ang ginagamit Niya ay yaong mga walang-halaga, kadalasan, para gawin ang Kanyang gawa; para ipakita na Ito'y ang Diyos mismo. Kadalasan ang tao'y hambog, at iniisip na siya'y mahalaga, kung ganoon hindi siya magagamit ng Diyos, dahil punung-puno siya ng sarili niya.

¹²¹ Yan ang problema sa mga iglesyang Cristiano sa panahon ngayon. Iniisip nila na may alam sila. Sinasabi ng Biblia, "Kapag iniisip ng isang tao na may nalalaman siya, wala siyang nalalamang bagay na kailangan may alam siya." Ang problema sa panahon ngayon, napakarami nating pagtuon sa sarili, napakaraming pagkaipokrito, napakaraming edukasyon, napakaraming relihiyon, at walang nalalaman na anumang tungkol sa pagliligtas ng Salita ng Diyos. Yan ang kahabag-habag na bahagi nito. Siyanga.

¹²² Nakakalimot sila, na, "Ang Diyos ay may kakayahan na sa mga batong ito ay magbangon ng mga anak kay Abraham, o magbangon ng tunay na mga propeta ng Salita."

¹²³ Hindi nila kailangang manggaling sa kung anong eskuwelahan. Ang Diyos ang nagbibigay sa kanila ng pag-eskuwela. Hindi nila kailangan ng apat na digri sa kolehiyo. Hindi nila kailangang magkaroon ng Batsilyer sa Sining, at—at kanilang Digri sa Pagkadoktor, at iba pa. Di nila kailangang magkamit ng ganoon. Nagagamit ng Diyos ang anumang nais Niya, at inilalagay ang Kanyang Salita roon. Paano Niya 'yun ginagawa? Kanyang inihahayag Ito at pinatutunayan Ito.

¹²⁴ Hindi nila masabi kung saang seminaryo nanggaling si Jesus. Wala kasi Siya nun. "Sa anong eskuwelahan ba Siya nanggaling?" Wala Siya nun. Pero ano ang taglay Niya? Taglay Niya ang Diyos, at Siya ang Salita. Hindi nga sila makaturo ng kung anong eskuwelahan.

¹²⁵ At ang Diyos ay di kailanman nagpalitaw ng isang tao mula sa isang eskuwelahan. Tugaygayin n'yo ang kasaysayan at alamin n'yo kung ginawa Niya ba ito. Hindi Niya ginawa. Kumukuha Siya ng isang bagay mula sa kung saan, na walang-halaga, walang inaasahan para dun. Pagkatapos Kanyang gagamitin 'yun at inilalagay ang Kanyang Salita roon, at

inihahayag ang Kanyang Sarili. Yun ang ginagawa Niya rito kay Amos. Buweno.

¹²⁶ Ngayon, ang Salita ni Amos ay pinatotohanan ng Diyos, noong panahon na 'yun, doon sa mismong mga panahon nila. Isang pina- . . . Pinatotohanan ng Diyos ang Salita ni Amos na maging ganoon, na kanya ngang, kamit ang Salita ng Panginoon.

¹²⁷ At kung darating man siya sa atin, ngayon mismo, sa palagay n'yo ba ang ating bansa't ating mga kababayan ay tatanggapin ang isang lalaki na tulad nun? [Sinasabi ng kongegasyon, "Hindi."—Pat.] Sa palagay n'yo ba tatanggapin ng Baptist si Amos? ["Hindi."] Ng Methodist? ["Hindi."] Ng Presbyterian? ["Hindi."] Ng mga Pentecostal? ["Hindi."] Ng mga Katoliko? ["Hindi."] Hindi, nga. Hindi. Tunay na hindi.

¹²⁸ Atin ngang, pansumandaling ilipat siya at dalhin siya rito, nang isang minuto, at tingnan natin kung gagawin nga nila o hindi. Tingnan natin kung siya ba'y . . . kung ang mga kaiglesyahan ba natin ay tatanggapin siya o hindi.

¹²⁹ Ang unang bagay na gagawin niya, siya'y di sasang-ayon sa bawat organisasyon, dahil ito'y kontra sa Salita. Uh-hum, uh-huh, siyanga, po. Kanyang ikokondena ang buong sistema natin. Tama. Bawat doktrina, bawat kredo, bawat denominasyon, kanyang kokondenahin ang buong bagay.

Nakikinita ko nga, nakikinita ko ang ilan nitong mga Pentecostal na presbitero na magsasabi, "Aba, luwalhatiin ang Diyos! Kung siya . . . Aba, hindi kami papayag na mamalagi ang lalaki na 'yan sa bayan namin."

¹³⁰ At sa palagay n'yo ano ang gagawin ng mga Presbyterian at Baptist? "Aba, ang ignorante na 'yan, ayaw namin siya na palipa-lipana sa aming bansa. Siya nga'y walang iba't isang—isang sintu-sinto." Pipirma sila ng papeles para ibilanggo siya, kung magagawa nila, na alisin siya sa lansangan.

¹³¹ Pero sa palagay n'yo ba ay mabibilanggo n'yo siya roon? Oh, hindi. Hindi n'yo magagawang ikulong ang Salita ng Diyos. Hindi, hindi. Ito'y lalabas at lalabas, ano't anuman. Ang mga rehas ng bilangguan ay nagbukas isang gabi, noong subukan nilang ikulong Ito. Pumasok ang isang Liwanag at inilabas siya.

¹³² Hayan nga, siya'y—siya'y pihadong di sasang-ayon sa ating itinayo. Buweno. Ano ang sisimulan niyang gawin? Gigibain 'yun. Bakit? Siya'y isang lingkod ng Diyos. Didiretso siya roon sa Pundasyon at pasisimulan ang kanyang paghayo, direktso mismo sa pinanggalingan, at wawasakin ang bawat kredo mula rito, at babalik sa Pundasyon. Ano ang Pundasyon? Sa Salita ng Diyos. Tama. "Ang kalangitan at lupa'y lilipas, ngunit ang Aking Mga Salita'y hindi lilipas." Mangyari nga na kanyang wawasakin ang bawat denominasyon, bawat kredo, bawat doktrina, mula rito, at itatapon 'yun sa gilid na daan, kanyang iwawaksi 'yun nang may pagbubulyaw sa Walang Hanggan.

¹³³ Sa palagay n'yo ba tatanggapin siya ng mga Pentecostal? Hindi, po. Ng mga Baptist? Presbyterian? Hindi, po. Mga Nazarene? Pilgrim Holiness? Kamumuhian nila siya. Sigurado. Sa palagay n'yo ba lalabas sila't kakatagpuin siya sa isang— isang limousine, at dadalhin siya sa loob ng siyudad? Aba'y mananalangin sila na lapnusin siya ng araw dun. Maglalagay sila ng barikada, para di siya makapasok sa bayan. Hayan nga't, magkakaroon ng mas maraming pagpupulong ng mga ministro dun, sa buong siyudad, kaysa sa nakita n'yo sa buong buhay n'yo. "Ilayo n'yo ang sintu-sinto na 'yan sa siyudad na ito."

¹³⁴ Pero, sa kabila nun, taglay niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? Yan ang daan ng isang tunay na propeta. Siya'y hahamakin. Tunay. Tutungo siya nang direktso sa Pundasyon, para sa kanyang paghayo. Hindi niya kailangan. Hindi niya kailangang sabihin, "Ngayon, nais ko na kayong lahat na mga Methodist ay pumarito ngayon at tulungan ako. Nais ko kayong Baptist. Nais ko na lahat kayo sa buong palibot dito. Lahat kayo na mga Pentecostal, sinasabi-sabi n'yo na kayo ang huling grupo na tatawagin ng Diyos, nais ko na lahat kayo'y pumarito sa akin, at nais kong suportahan n'yo ang paghayo ko."

¹³⁵ "Paano ka ba magbautismo? Ano ba ang paunang katibayan ng Espiritu Santo?" Yang mga tanong na 'yan, ay ipupukol nga nang harapan sa kanya. At sa pagbaling niya pabalik sa Katotohanan ng Biblia, kanilang tatanggihan siya. Pero 'yan ang daan ng isang tunay na propeta. Nariyan ang lahat na 'yan na kukumprontahin niya. Kita n'yo? Tunay nga.

¹³⁶ Hindi namin siya tatanggapin. Hindi, nga. Ang aming—aming. . . Ayaw naming magkaroon ng kinalaman. Ayaw naming magkaroon ng kinalaman sa kanyang mga paghahayo sa palibot ng ating—ating bansa. Hindi, puwede. Buweno, hindi namin siya tatanggapin. Hindi, nga. Pero darating siya at ipapanauli niya ang Iglesia pabalik sa Salita, dahil Iyon ang Pundasyon. "Sinuman ang nanangan sa ibang pundasyon, ito'y buhangging gumuguho. Sa ibabaw lamang ng pundasyon na *ito*, itinatayo ng Diyos ang Kanyang Iglesia, sa ibabaw ng Turo't Aral ng mga alagad."

¹³⁷ Gaya ng sinasabi ko noong isang araw; may nangungusap tungkol sa—tungkol sa purgatoryo, at sumisipi sa marami tulad nina San Francis at Santa Cecilia, at siya'y nananalangin daw para sa ilang partikular na tao, at para mahango mula sa purgatoryo, at nagbibigay ng ganoong mga kapamahalaan. Yan nga'y kapamahalaan na di batay sa kasulatan. Mga tao 'yan na walang kapamahalaan. Ang mga alagad ay may kapamahalaan na batay sa Kasulatan. At kung ito'y kontra sa kanila, isa itong kasinungalingan, sa ganang akin.

¹³⁸ Naniniwala ako sa isang purgatoryo, pero naniniwala akong ito na 'yun ngayon. Pinupurga mo ang sarili mong kaluluwa. Ang ibig sabihin ng *Purgatoryo* ay "purgahin." Kapag nakita n'yo na

nakagawa kayo ng bagay na mali, umaalis kayo at nililinis ito paalis sa inyo, sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran, at pag-iyak, at pag-aayuno, at pananalangin.

¹³⁹ May nagtawa nga sa akin noong pumarito ang Panginoon hindi pa katagalan at nagkaloob sa akin ng isang pangitain. Sa tuwina'y nais kong makita 'yung tungkol sa pagtatali sa serpiyente. Iniisip ko kung paano nga ba. Ako nga'y dapat na humakbang na tulad nun. Yamang, 'yun ang bagay na nais ko, nang buong buhay ko. Pagkatapos nagsimula akong mag-ayuno at manalangin. Sabi, "Anong dahilan at ginawa mo 'yun?"

¹⁴⁰ Sabi ko, "Doon, sinabi Niya na hindi ako ganoong kasinsero." Matapos na Siya'y dumating, hayan nga na pagkatapos ay nais kong purgahin ang aking sarili. Hindi 'yung hihintayin mo pa na ikaw ay mamatay, at hahayaan ang kung sinong pari na tangkaing purgahin ka. Na purgahin daw ang mga kaluluwa n'yo!

¹⁴¹ Pero, kita n'yo, inalis nila 'yun mula sa dapat-sundin na Salita, at inilagay 'yun sa mga kamay ng kung anong gawang-taong dogma, para magpasok ng pera sa simbahan, dahil nakatuon sila sa makamundong mga bagay, makamundong iglesya, sa matataas na kapangyarihan sa mundo, sa mga kapangyarihang pulitikal. Pero nakatingin ang Diyos sa Kanyang Salita. At anumang salita na kontra sa Salita ng Diyos ay mali. Para sa akin, ang Salita lang o huwag na lang. Siyanga, po. Siyanga, po.

¹⁴² Didiretso siya mismo sa Pundasyon. Paggugutay-gutayin niya ang bagay na 'yun na magkapira-piraso. Marapat lang niyang gawin. Wala siyang ibang maaaring gawin, kung si Amos ay narito sa panahon ngayon. Wala siyang maaaring gawing iba, dahil, alalahanin n'yo, siya'y isang tunay na propeta ng Diyos, na siyang dinaratnan ng Salita. Wala siyang magagawa na iba kundi ang bumaling pabalik sa Salita. Kahit ang lahat pa na mga Pentecostal sa bansa'y magtipun-tipon sa palibot niya, na magsasabi, "Ginoong, Amos, naniniwala naman kami na ikaw ay propeta, pero ikaw ay lihis sa Salita. Nais naming mawasto ka." Siya talaga'y mananatili sa Salita. Wala na kasing iba pa na maaari niyang gawin, dahil isa siyang propeta. Hindi niya kailangan ang kanilang pakikipagtaguyuran. May isang Mensahe siya na kailangan niyang ibigay. "At lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin." At ipapangaral niya ang Salita, at ipapangaral niya Ito gaya ng kung paano Ito sa Biblia, at kaya naman tatanggihan natin siya. Ganoon nga.

¹⁴³ Kahit na ano pa Ito, ang Salita ng Diyos ay dumarating sa mga propeta, ang interpretasyon nila sa Salita, ang siyang tamang interpretasyon.

¹⁴⁴ Laging nalilihis sa pagkakalinya ang Israel, at nagpadala ang Diyos sa kanila ng isang propeta na kalakip ang mga

tanda't mga kababalaghan, para ipaliwanag ang Salita na 'yun. At paano niya malalaman? Ang sabi niya, "Kung ang propeta na ito'y magsasalita, at ito'y maganap, kung ganoon 'yun ay tama." Kanyang pinatotohanan ang Kanyang mga propeta, na sila'y tama.

¹⁴⁵ Sinabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya. Ito nga'y mauunawaan n'yo. Lalakip ang mga tandang ito sa mga nagsisisampalataya."

¹⁴⁶ At paano nga nila masasabi na sila'y isang propeta ng Panginoon at tinatanghian naman ang mismong Salita ng Diyos? Paanong makakapagbautismo ang isang tao sa pangalan ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," sa mga titulo na 'yan, at itatanggi ang mismong Pangalan ni Jesus Cristo, samantalang wala ni isang Kasulatan sa Biblia na susuporta sa kanilang teorya? Ako nga'y marahil mahigpit at mapagpuna, pero panahon na para tumungo sa daan na 'yan. Ito ang Katotohanan.

¹⁴⁷ Papaanong maaangkin ng mga tao na sila'y mga Cristiano sa panahon ngayon, at samantalang patuloy rito sa lahat ng bagay, at ang mga kababaihan ay nagupitan ang buhok, at nagsusuot ng mga shorts, at naninigarilyo, at nagtutungo sa mga pelikulang palabas, na anumang uri ng palabas, at patuloy sa ganoon? Sabihin n'yo nga sa akin kung 'yan ba'y Espiritu Santo? Huwag n'yong sabihin sa akin na ganoon nga. Kayo, pinasusuka n'yo ang Diyos sa Kanyang tiyan, kung ang bagay na 'yun ay puwede lang. Siyanga. Sigurado ako na nauunawaan n'yo. Haya't tinatawag ang sarili n'yo, na ganoon, papaano nga magkakaroon ng ganoong bagay? "Sa pamamagitan ng kanilang bunga ay makikilala sila."

¹⁴⁸ Kanya ngang bubulyawan at ikokondena ang bawat babae na putol ang buhok. Paano pa siya gagawa ng iba pa? Isa siyang propeta. At 'yun ang Salita. Sasabihin nga niya, "Kayo, na mga Jezebel!" Siya nga'y magiging marahas sa kanila. Bakit? Isa siyang propeta. Kinakailangan niyang manatili sa Salita. Ganoon nga. Sa palagay n'yo ba titigil sila? Hindi, po. Sasabihin nila, "Isa 'yang panatiko. Kasing sama siya nung matandang Pablo, sa Biblia, na mapagmuhi sa babae."

¹⁴⁹ "Kayo, na sangkumpol ng mga nagpapanggap, na naturingan lang na mga Cristiano. Kahit na gaano pang kabanal n'yo subukang mamuhay, wala nga 'yang kinalaman na isa mang bagay rito. Hangga't tinatanghian n'yo ang Salita ng Diyos at hindi lumilinya Rito, kayo'y isang makasalanan, isang di-mananampalataya," 'yan ang bagay na sasabihin niya. Hindi niya . . . laatang, haya't kanyang iaatang ang palakol sa ugat ng puno. Hindi niya kukunsintihin ang kahit na ano. Isa siyang propeta, at 'yun ang daan ng isang tunay na propeta. Sila'y mananatili sa Salita kahit na sino pa ito. Kahit ito pa'y kanilang nanay o tatay, hindi niya kukunsintihin. Ganoon nga ang ginawa

ni Jesus. Hindi man lang Niya tinawag si Maria na nanay; dahil hindi naman talaga. Siya'y Diyos. Ang Diyos ay walang nanay. Hayan sila, kung ganoon sino ang Kanyang ama? Uh-huh, uh-huh.

¹⁵⁰ Kanya ngang bubulyawan sila't kokondenahin. Kokondenahin niya ang bawat denominasyon, dahil wala sa mga ito ang naitatag sa Salita. Wala akong makita ni isa sa kanila. At mangyari nga na sa mismong pagiging denominasyon nila, sila'y laban sa Salita doon pa lamang. Kaya paanong ang. . . isang propeta'y pagpapalain ang bagay na kinokondena ng Salita? Haya't, ayaw man niya itong gawin, dahil makakasakit sa kanyang kapatid, pero sa kabila nun ay kailangan niyang gawin dahil isa siyang propeta. At siya'y isang representasyon ng tunay na Salita ng Diyos, at hindi aalis mula Rito, sa anumang paraan; utos sa utos, at bilin sa bilin. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Ang daan ng isang tunay na propeta.

¹⁵¹ Ilan ang nagsasabi, "Panginoon, sana gawin Mo po akong isang propeta"? Hindi ganoon ang Kanyang pamamaraan. Hindi. Hindi ganoon ang Kanyang pamamaraan ng paggawa nun.

¹⁵² Kanyang kokondenahin ang bawat imoral na gawa ng mga kaiglesyahan, 'yang mga pabunco-bunco na party at lahat na mismo ng mga bagay na ginagawa nila, mga pabara-baraha na party, mga soup supper. Kanyang kokondenahin ang bawat isa sa kanila. Kanyang iwawaksi sila nang may pagbubulyaw patungo sa impyerno kung saan sila nanggaling.

¹⁵³ Sa palagay n'yo tatanggapin kaya siya? Hindi. Di siya tatanggapin ng iglesya sa panahon ngayon. Ang Pentecostal kaya'y tatanggapin siya? Buweno, lalakad siya roon, na nagsasabi, "Kayo na mga sangkumpol ng mga Jezebel na putol ang buhok, hindi n'yo ba alam kung ano ang ibig sabihin ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON? Lalakad dito na ang suot-suot ay bakat na bakat na damit, hindi n'yo ba alam na kayo'y nagkakasala ng pangangalunya araw-araw sa daan-daang kalalakihan?" Yan ang bagay na sasabihin niya.

¹⁵⁴ Sasabihin n'yo, "Buweno, ang matandang makaluma na 'yan! Ang matandang kalbo, na abuhing lalaki na 'yan, paalisin n'yo siya sa pulpito. Tingnan nga natin kayo, lupon ng mga tagapangasiwa, mga diyakono, na paalisin siya rito."

¹⁵⁵ "Buweno, kayo na sangkumpol na miserableng mga ipokrito." Hayan nga. Pupunahin mismo ito ni Amos. Tapos sasabihin n'yo tungkol sa sarili n'yo, "Kami ay. . . Kasapi kami sa grupo na *ito*. Kasapi kami sa grupo na *'yun*." Kayo'y sa diyablo, na inyong ama, dahil siya yaong tumataggi sa Salita.

¹⁵⁶ Sasabihin, "Nakakapagsalita ako ng mga wika." At pagkatapos putol ang buhok mo? "Luwalhatiin ang Diyos! Hallelujah!" At ang sabi ng Biblia, "Ito'y isang—ito'y isang di banal—di banal na bagay, na ang isang babae'y manalangin na

ang ulo’y nagupitan nang gaya nun.” Pagkatapos tatawagin n’yo ang inyong sarili na Cristiano. Mahiya kayo. Gumapang kayo sa isang sulok sa kung saan, magpawasto kayo sa Diyos.

¹⁵⁷ Magsusuot ng ganyang maliliit na maiikling damit, tapos lalabas dito sa bakuran, at maguunat-unat, samantalang nalalaman n’yo naman nang tama’t maigi na kayo’y nangangalunya sa sandaang kalalakihan araw-araw. Sabi, ’yan mismo ang sinabi ni Jesus, “Sinuman ang tumingin sa isang babae na magnasa sa kanya ay nakapangalunya na kasama ang babae.” Ang babae na mismo ang nagrepresenta ng sarili niya, at ginawa n’yo ’yun sa inyong. . .

¹⁵⁸ Kapag, kayo, kayo’y patay na sa mga bagay ng sanlibutan. Kapag kayo’y ibinangon na mula roon, gaya ng nasabi ko, sa pasimula. “Ipapaling n’yo ang ulo n’yo na nahihiya. Maniningkit ang mga mata n’yo sa kahindik-hindik na bagay na ’yan ng kasalanan, sa halip na tumingin sa mga kababaihan para magnasa sa kanila. Kayo na mga kalalakihan na ginagawa ang ganoong bagay at tinatawag ang sarili n’yo na mga Cristiano.” Yan ang bagay na sasabihin niya sa inyo. Sinisikap ko na kunin ang kanyang mga Salita sa umagang ito. Ito nga’y mangyari mismo na kanyang Mga Salita. Dahil, siya, alalahanin n’yo, siya’y isang tunay na propeta. Kinakailangan niyang manatili sa Salita na ’yun. Uh-huh. Sinisipi ko lamang ang kanyang Mga Salita. Ganoon lang. Dahil, kung dinala n’yo siya, siya ang Salita. Kung ganoon, heto ang Salita, Mismo. Nawa’y hindi ang tao ang dalhin, kundi ang dala n’yo ay ang kanyang Salita, dahil tunay na dala niya ang Salita ng Panginoon.

¹⁵⁹ Bawat gawa-ng-tao na doktrina, kanyang kokondenahin ito, gaya nung pagbabaustimo “sa pangalan ng Ama, Anak, Espiritu Santo.” Kanya ngang iwawasiwas ’yan pabalik dun sa Walang Hanggan. Kanyang kokondenahin ito, para maski amoy nito’y walang matira. Siyanga, po.

¹⁶⁰ Ilan po, sa inyo, ilan sa mga narito sa simbahan ngayong umaga ang tatanggapin siya sa bagay na ’yan?

¹⁶¹ Pagkatapos sila, itong grupo ng Jesus Name, kanilang—kanilang sinasabi, “Oh, magagawa namin siyang tanggapin sa ganyan.” At pagkatapos ang inyong organisasyon, kanya nga kayong bubulyawan sa bagay na ito. Ganoon nga. Ang mga kababaihan n’yo na putol ang buhok, at hinahayaan n’yo lang. Siyanga. Ang mga kalalakihan n’yo, sa paraan ng pagkilos at pag-akto nila. Siyanga.

¹⁶² Marami ang nagsasabi, “Mainam na maging isang propeta.” Tunay nga, kung handa na kayong ipagpalit ang lahat ng bagay sa mundo at manatili sa Diyos at sa Kanyang Salita. Hmm.

¹⁶³ Hindi, hindi natin siya matatanggap sa anumang paraan, nitong mga denominasyon natin ngayon. Siguradong ayaw nating magkaroon ng anumang kinalaman sa kanya.

164 Ang pakinggan siya na binubulyaw ito. Ang sabi niya, “Ang mismong Diyos na inaangkin n’yo na pinapaniwalaan n’yo, Kanyang wawasakin kayo.” Ano kaya ang gagawin n’yo tungkol diyan? Ang mismong Diyos na pinaniniwalaan ng Pentecostal, mula sa napaka imoral na mga gawa’t mga bagay-bagay na ginagawa nila at hinahayaan na magawa, ang mismong Diyos na ’yan ang magdadala ng kahatulan sa mga organisasyon na ito. Ganoon nga. Eksakto sa kung ano ang sinabi ni Amos sa kanila.

165 “Oh,” sinasabi nila, “Mayroon kaming Abraham. Mayroon kaming—mayroon kaming *ganito*. Mayroon kaming batas. Mayroon kaming mga pari. Mayroon kaming mga propeta.”

166 Oh, kapatid, ang mga mata na ’yun ay naningkit noong tumingin siya sa kanila, at binulyawan sila nung Salita na ’yun. Siyanga, po. Tunay. Ayaw nilang tanggapin siya. Ayaw po, nila. Ang sabi niya, “Kanyang wawasakin sila sa kanilang mga gawang-tao na mga doktrina.” Yan mismo ang sasabihin niya sa inyo sa panahon ngayon. Sasabihin niya ang siya ring bagay gaya ng sinabi niya noong araw. Ang sabi niya, “Ang mismong Diyos na inyong tinatayuan ng mga simbahan, marahil nagbabayad ng milyun-milyong dolyar, ang mismong mga dambana na itinatayo n’yo para kay Jehovah, na sinasabi n’yo na iniibig n’yo, ang mismong Diyos na ’yun ay wawasakin kayo dahil inyong tinatanghian ang Kanyang Salita.”

167 Ganoon din ito sa panahon ngayon! Ang mismong Diyos na sinasabi-sabi ng Amerika na pinaglilingkuran ay magdadala ng kahatulan sa bansa at wawasakin ito. Umaasa ako na tumimo ’yan ng malalim na hindi na kayo kailanman makakawag paalis dito. Ang mismong Siya na sinasabi-sabi n’yo na iniibig n’yo, at dahil sa inyong sariling mga gawang-tao na mga dogma, at imoral na pamumuhay at pagkabulok na mayroon kayo sa sarili n’yo, na nagpapalayo sa inyo sa Salita ng Diyos, ay pupuksa sa inyo balang araw. Yan nga’y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Wala nang anuman ang natitira para sa kanila.

168 Luminya kayo sa Salita! Ipangaral sa kanila ang Ebanghelyo; bagtasin ang bansa; ipamalita sa kanila ang Katotohanan. Ang mga ministro’y nagkakagulo’t nagbabangayan, at kung anu-ano ang pinaggagagawa. Mga kalalakihan na humahatol. Tapos kayo nama’y pinapaalis ng mga organisasyon. Mga kababaihan na iniiling ang kanilang ulo, at ayaw magpahaba ng kanilang buhok, sa anumang paraan. Magsusuot ng kanilang mga pananamit nang siya ring gaya noon, taon-taon. Para ngang nagbubuhos ka ng tubig sa likod ng pato. “Pagkatapos sasabi-sabihin n’yo na iniibig n’yo ang Diyos?”

169 Ang sabi Niya, sabi ni Jesus, “Pinili n’yo ang inyong mga tradisyon at niwalang kabuluhan ang Mga Utos ng Diyos.”

170 Yan ang daan ng isang tunay na propeta. Kita n'yo? Hindi ito isang madaling daan. Hindi ito gaya ng iniisip ng lahat.

171 Magtatatalon taas-baba at sisigaw, ang lahat ay tatapik sa balikat mo, kung ganoon ay tanda 'yan na ikaw ay isang hindi tunay na propeta. Isa nga 'yan sa mismong tanda na hindi mo kamit ang bagay na sinasabi mo.

172 Kailan nga nila siya tinapik sa likod noon, maliban na lang marahil kung may nakatago silang motibo? Ano? Babaling nga siya't kokondenahin sila. Tama. Hindi n'yo matatapik-tapik sa likod si Amos. Hindi nila matatapik-tapik sa likod si Elias. Hindi niya mapapayagan 'yan. Hindi, po. Nagsaysay siya sa kanila ng Katotohanan ng Diyos. At kung ang Langit ay ganoong kadakila, at dako 'yun na patutunguhan natin, kung ganoon kung di tayo makalinya sa maliliit na mumunting simpleng bagay, paano pa tayo makalilinya sa Espiritu Roon? Kinakailangan na makalinya sa Salita. Yan ang daan ng tunay na propeta. Kahit na mahapak ang damdamin niya, na isaysay Ito, oo, na kinakailangan niyang gutaytayin ang isang bansa na magkapira-pirasos, dahil Dito. Ganoon nga. Pero 'yan ang daan.

173 Kanya mismong sasaysayin ito nang may siklab. Oh, grabe! Alam n'yo ba kung anong sinabi niya sa kanila? "Ang gulo," kung mapapansin n'yo rito, ang sabi niya, "wala ito sa gobyerno n'yo, ito'y nasa inyo." Yan ang bagay na sinabi niya. Oo. "Ang gulo sa iglesya, ang kabanalang anyo n'yo, 'yan ang nagbubunsod ng kaguluhan."

174 Ang dahilan kung bakit ang komunismo ay kumakalat sa lupain ngayon, ay hindi dahil sa komunismo. Ito'y dahil sa iglesya. Ito'y dahil sa mga tao. Panahon ngayon na tinatawag nila ang kanilang mga sarili na Cristiano. Nagsisiawitan sila na parang Mga Anghel. Pinagsanay na mga tinig, at mahuhusay bumigkas, na para silang mga Arkanghel; at di naman sinasampalatayanan ang Salita ng Diyos, gaya ng mga diyablo. Ganoon nga. Umaawit na gaya ng isang Arkanghel, nananamit na parang isang di-ko-mawari, at tinatanggihan ang Salita ng Diyos.

175 Isang lalaki, isang mangangaral sa pulpito, na tatayo at patatawag na Doktor, Reverend, at tatanungin siya, "Ang Biblia ba'y nangusap ukol sa pagbabautismo sa 'Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo,' o, 'Ama, Anak, at Espiritu Santo'?" At harapan kang tatawanan at pipiliin ang, "Ama, Anak, Espiritu Santo." Tapos tatawagin n'yo ang sarili n'yo na isang anak ng Diyos?

176 Nalalaman ng mga kababaihan na kinokondena sila ng Biblia na gawin ang ilang naturang bagay, at pinapaputol ang kanilang buhok, at kumikilos na gaya ng sanlibutan, at mananamit ng imoral na kasuotan at mga bagay na gaya n'yan, at gagawin pa rin nila ito, sa tuwina; at magsasalita sa iba't

ibang wika, at tatalon-talon, at hihiyaw, at magtatayo ng mga pangkababaihang sosyedad, at mga samahan ng nagbuburda, at magpapadala ng mga misyunero sa pagmimisyon. Ito'y naging masangsang na amoy mismo sa harapan ng Diyos. At, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, Kanyang wawasakin ang buong bagay na ito. Talagang gagawin Niya.

¹⁷⁷ Hindi ito madaling bagay, pero 'yun ang daan ng isang tunay na propeta. Pasisiklabin Ito roon, at sasabihin Ito kahit na Ito'y makapanakit o hindi.

¹⁷⁸ Si Juan ay isang tunay na propeta. Ang sabi niya, "Ang palakol ay iniatang na sa ugat ng puno." Yun ang pamamaraan nila. Tunay.

¹⁷⁹ Ang problema ay sa iglesya. Aawit na parang Mga Anghel, sasayaw na parang mga diyablo rito, sa mga sayawan, na kung anu-ano ang pinaggagagawa, naglalaro ng baraha, nasa mga karerahan. Mga Pentecostal, nagpupupunta sa mga lugar ng aliwan, mga palabas na sine na siksikan dahil sa kanila. Lahat ng dako, sa kung anong uri ng matandang dula o anupamang iba, at magtutungo roon, sa mga karerahan at lahat na, at tatawagin ang kanilang mga sarili na mga Cristiano, at aakyat dun at sisigaw, at magsasalita raw sa iba't ibang wika, at makikipaghugasan ng paa at komunyon.

¹⁸⁰ Aba, ito'y-ito'y, "Katulad na isang aso na binabalikan ang suka nito," haya't ang sabi ng propeta, "ganoon din ang gagawin nila." Kung ang bagay na 'yun ay sa sanlibutan, na kinakailangang maalís sa inyo, kaya bakit pa kayo babalik dun uli? Siyanga. Naroon sa labas sa mga lansangan, na sumasayaw-sayaw ng twist, gaya ng tawag nila rito, rock-and-roll, pagpapaputol ng buhok, pagsusuot ng mga shorts. Oh, naku! Tapos tinatawag ang kanilang mga sarili na Cristiano. Magagawa n'yo ba. . .Hindi, mas mainam pa na di ko na lang sabihin.

¹⁸¹ Yan ang dahilan kung bakit ko sila kinokondena. Kung ako'y mananatili sa Salitang *ito*, kung ang Salita na ito ay dumarating sa akin, mananatili ako sa Salitang ito. Ito ang bagay na dumating sa akin, ang Salita. Kaya kinokondena ko 'yun!

¹⁸² Nagsasabi na pinangungunahan daw ng Espiritu Santo, at gumagawa naman ng ganoong mga bagay. Maiisip n'yo ba ang isang babae, na pinangungunahan ng Espiritu Santo, na papayag na ang buhok niya'y pagupitan, samantalang ang mismong Espiritu Santo'y kinokondena ito? Kung ganoon anong uri ng Persona ang Espiritu Santo? Maiisip n'yo ba?

¹⁸³ Maiisip n'yo ba na ang isang mangangaral ay tatayo sa pulpito, at ang sinuman na hahamon sa kanya na siya'y magpakita ng isang dako kung saan may nabautismuhan kailanman na gamit ang mga titulo ng "Ama, Anak, at Espiritu Santo," at harapan niya itong pagtatawanan at tatawagin ka na

isang panatiko, dahil sa pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at sasabihin siya'y pinangungunahan daw ng Espiritu, at sasabihin na kamit niya ang Espiritu Santo? Ikakatwa ba ng Espiritu Santo ang Sarili Niyang Salita? Hindi, po. Uh-huh. Nakikita n'yo ba? Umaasa ako na nakukuha n'yo ito.

¹⁸⁴ Hindi ko alam kung gaano na lang kahaba ang panahon. Ang susunod na pagsabog ay marahil mapupuruhan na ako. Pero, hanggang sa dumating 'yan, ako'y tatayo mismo roon kalakip ang Salita. Kapag nakatagpo ko kayo roon sa Paghatol, ako'y titindig mismo sa Salita na 'yan. Yan ang sinasampalatayanan ko na Katotohanan.

¹⁸⁵ Hindi, hindi n'yo gagawin ang mga bagay na gaya n'yan, at pagkatapos ay kamit pa rin ang Espiritu Santo. Lumapit ako noon sa isang asawa ng ministro isang beses, na nakaupo roon na nakasuot ng bestida, na kakila-kilabot tingnan.

Sasabihin n'yo, "Wala kang karapatan."

¹⁸⁶ May karapatan ako. Yan ang Salita. Ipangaral Itong lahat. Hindi n'yo ipinapangaral ang mga bagay na 'yan, marami nang baklain na mga mangangaral, dahil wala silang katapa-... Marahil nga di kayo tinawag para mangaral, sa simula't sapul. Siyanga. Haya't ang tunay na lingkod ng Diyos ay mananatili sa Salita na 'yun. Tama.

¹⁸⁷ Nakaupo roon ang asawa ng ministro, sikip na sikip sa bestidang suot, na ang mga hikaw ay nakapalawit, at nakameykap, at maiksi't putol ang buhok. Samantalang, kinokondena ng Diyos ang buong bagay na 'yun na karumihan. At pagkatapos sasabihin na mayroon kayong Espiritu Santo?

¹⁸⁸ Nangangaral ako rito sa Phoenix, hindi pa katagalan, tungkol sa bagay na katulad n'yan, at 'yung asawa ng ministro ay nakaupo roon sa pulpito, na ang buhok ay parang gupit panlalaki na pakulot-kulot, at ang suot na bestida'y hindi niya mapanatili 'yung palda sa ilalim na di lumilis. Hindi niya mapanatili na di tumaas sa kanyang mga tuhod. Nasa apat o limang pulgada ang taas mula sa kanyang mga tuhod, habang nakaupo roon; tumatalon-talon, na nangunguna sa awitan. Sinaway ko 'yun nang singlakas na makakaya ko. Siyanga't, di na nila ako inimbitahan pang muli. Hindi ko rin naman inaasahan. Pero alam na niya kung ano ang tama at mali. Kapag tumayo na ako sa Paghatol, wala na ito sa mga kamay ko. Kaya aalis ako't sasabihing. . .

¹⁸⁹ Isang lalaki, isang naturingang guro, na hindi ko siya masabing ganoon pero hindi talaga, may nasabi siya nung isang araw, sa harap ng mga kaibigan ko sa isang partikular na siyudad na pinuntahan ko. Kilala n'yo ang kapatid. At pumasok ang kapatid na ito. Ang sabi niya, buweno, sabi niya, "Naimbitahan namin si Kapatid na Branham dito isang beses." Sa isang siyudad po ito, at doon sa Kanluran. At ang sabi ng

lalaking ito, “Oh, mabuting tao si Kapatid na Branham.” Kita n’yo? Alam nga niya ang mas nakakabuti na magpukol-pukol ng kung anu-ano sa karakter. Sabi, “Si Kapatid na Branham, pero huwag kayong makinig sa mga teyp niya, dahil malilito lang kayo.”

¹⁹⁰ At mangyaring naroon ang isa sa mga kaibigan ko na nakatayo roon, ang sabi, “Sandali lang, po! Ako nga’y litong-lito hanggang sa *mapakinggan* ko ang mga teyp.” Hayan nga. Yan ang pagkakaiba. “Hindi ko maunawaan kung papaanong ang isang banal na Diyos ay maaatim ang mga bagay na katulad n’yan, katulad ng ginagawa n’yong lahat.” Hayan nga.

¹⁹¹ Siya pa rin, pero iba lang ang kasama niya, tumayo siya roon sa isang lugar di pa katagalan, nagsabi, “Si Kapatid na Branham ay isang propeta. Natatalos niya ang mga bagay-bagay. At mga bagay na gaya ng. . . Pero,” sabi, “ngayon, huwag kayong makinig sa Doktrina niya, dahil hindi siya tama.” Grabeng kahibangan, ang walang pakundangan na pagbibitaw ng salita na gaya nun!

¹⁹² Hindi n’yo ba nalalaman na kung ito’y isang. . . Ako po’y hindi propeta. Pero kung ang Salita ng Diyos ay totoo, Ito’y dumarating sa propeta. “Ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa mga propeta.” Sila ang siyang nagpaliwanag ng Salita. Kaya naman, kita n’yo, hindi n’yo. . .

¹⁹³ Hindi nga lubos-maisip, na magtatago lamang sa likod ng kung anong walang halagang denominasyon, na isa sa mga araw na ito’y mawawasak at aamagin, at mapapahamak sa impyerno.

¹⁹⁴ Pero ang Salita ng Diyos ay mananatili magpakailanman. Sa ibabaw ng Bato na ’yun ay aking itatayo ang aking pag-asa magpakailanman, sa ibabaw ng Salita ng Panginoon. Ang ibang bagay nga’y lumubog na. Mawawalan man ako ng lahat na kaibigan, lahat na ng ibang bagay, ang aking pakikipagkaibigan ay kay Cristo.

Nakatayo ang aking pananampalataya sa wala nang hihigit pa
 Kaysa sa Mga Salita ni Jesus na katuwiran ang kalakip;
 Kapag ang lahat na nang nasa aking paligid ay humantong na sa pagkabulid,
 Siya ang mananatili kong saligan at pag-asa magpakailanman.

¹⁹⁵ Noong sumabog ang baril na ’yun noong isang araw at nakita ko. . . Akala ko’y patay na ako. Nagkaroon ako ng payapang pakiramdam. Tumingin ako sa paligid. Sa isip-isip ko, “Buweno, ito na ’yun.” Anong mabuti ang maidudulot sa akin ng denominasyon kung ganoon? Anong mabuti ang maidudulot ng isang organisasyon sa akin kung ganoon? Kinakailangan kong

tumayo roon sa nagniningas na mga paghatol ng Diyos, para hatulan sa Salita na *ito*.

¹⁹⁶ Gayong ako marahil ay lapnusin, at baluktutin, at puluputin, at hapakin, maraming tao, pero umaasa ako na magagawa ko, na maibunsod ang tunay na butil sa dako roon, ng Salita ng Diyos, at doon ay itayo ang isang kaluluwa para sa Walang Hanggan. Ganoon nga. Hayaan ang Diyos na ilagay ito sa Kanyang mga kamay at itayo ito para maging isang masunuring anak.

¹⁹⁷ Papaanong—papaanong ang isang tao, na pinangungunahan ng Espiritu Santo, ay gagawa ng isang bagay na katulad nun? O, isang babae na taglay ang Espiritu Santo, na gagawa ng mga bagay na gaya nun? Hindi nga. Ang Diyos ay banal. At kung ang Buhay Niya ay nasa inyo, kayo’y pareho mismo. Kayo’y magiging tulad Niya.

¹⁹⁸ Ang Israel, gaya natin, ay inakala na dahil sila’y sumasagana sa kanilang pakikipag-alyansa sa iba, na ang Diyos ay ayos lang sa ganoon. Ngayon, alam n’yo, ganoon din ang inaakala natin ngayon.

¹⁹⁹ Nakausap ko ang ilang kalalakihan dito di pa katagalan, sa isang hotel, mga ilang araw pa lang ang nakararaan, mga bigating kalalakihan sa daigdig ng relihiyon. At ang sabi nila sa akin, “Pinatutunayan ng Diyos na Siya’y kasama namin. Hayan nga, lumago ang bilang namin noong nakaraang taon, Kapatid na Branham,” nakalimutan ko lang kung gaanong daan-daan, na parang ganoon.

²⁰⁰ Sabi ko, “Maski katiting ay di ’yan pag-apruba.” Uh-huh. Tama. Ang prostitusyon din naman ay dumami, tumaas noong nakaraang taon, nang mga tatlumpung porsiyento; ipinapakita ba n’yan na ang Diyos ay nasa prostitusyon? [Sinasabi ng kongregasyon, “Hindi.”—Pat.] Uh-huh. Uh-huh. Uh-huh. Siyanga. Huh! Hindi tama ang argumento na ’yun. Hindi. Hindi n’yo puwedeng igiit ’yan. Hindi, po. Ang Diyos ay nananatili sa Kanyang Salita. Sinumang tao ay kailangang manatili sa Kanyang Salita, kung siya’y tapat. Buweno.

²⁰¹ Iniisip nila, dahil mayroon silang alyansa! Ngayon, dito, dadako tayo, maya-maya, sa mga usaping gobyerno. Tinanggihan ng ating bansa ang Salita ng Diyos, gaya ng ginawa noon ng Israel. Tinanggihan nila ang Salita ng Diyos, at ang kanilang mamamayan, kanilang mga saserdote, at mga propeta, at iba pa, ay nagpropropesiya ng mabubuti sa kanila. At sila. . . Anong magagawa natin kundi magproprosesiya ng mali, dahil ito’y kontra sa Salita! Ang bansa’y nahatulan na. “Ang ating dakila’t, pinakamamahal na bansa, na nakatatag sa. . . ating karanasan ng ating mga ninuno.” Kung ganoon ay bumalik kayo sa bagay na taglay nila noon. Uh-huh. Tama. Siyanga.

²⁰² Ang Israel ay isang dakilang bansa. Tingnan n’yo ang kanilang mga ninuno, pero hindi sila kinunsinti ng Diyos. Ang

matandang kalbong propeta'y pinupukol ang Salita sa kanila, at 'yun nga'y nangyayari nang eksakto sa paraan ng pagkakasabi niya. Basahin n'yo ang inyong kasaysayan at alamin n'yo kung ito ba'y hindi tama. Yun nga'y naganap nang eksakto sa paraan ng pagkakasabi niya rito. At kanyang kinondena sila, habang, sila'y nakatayo roon, at ang mga banal na mga saserdote'y nakasuot ng banal na mga kasuotan, na iwiniwisik *ito*; at di nagkikilos ng kamay, na *ganitong* daan o *ganoong* daan, dahil ito'y parang sa gawi *rito*, na isang tradisyon o kung ano.

²⁰³ Ang sabi ni Jesus, “Kayo ay sa ama n'yo, na diyablo, at ang kanyang mga gawa'y ginagawa ninyo.” Dinakip nila Siya at hinatulan Siya, at ibinitin Siya sa isang puno, at pinatay Siya. Ganoon nga mismo. Ibinangon Siyang muli ng Diyos. Siyanga, po.

²⁰⁴ Hindi, hindi nila magagawa. Ayaw natin paniwalaan si Amos sa panahon ngayon, ayaw talaga. At ngayon gumawa tayo ng aliyansa. Mayroon tayo nung tinatawag natin ngayon na . . . Iniisip natin na ito'y Diyos na nagsasabi ng “okay,” dahil ang ating mga organisasyon ay lumalago at—at ang lahat na mga bagay ay nangyayari sa kung paano ito. Iniisip natin na 'yun ang Diyos na nagsasabi ng “okay” roon. Alam n'yo, sila'y nakapagsanib, sa palagay ko, ng halos dalawa o tatlong milyon pa na mga Protestante. At ang mga Katoliko'y dumami nang makailang milyon pa. Kita n'yo? Iniisip nila na 'yun ang pag-apruba ng Diyos, sa pagiging Katoliko nila. Iniisip din ng mga Protestante na 'yun ay pag-apruba ng Diyos, sa pagiging Protestante nila. Huh! Kalokohan. Ito'y bala sa kanyon. Ito'y atomikang abo. Ito ang poot ng Diyos na namumuo, para sumabog. Ganoon nga mismo.

Pakinggan n'yo ako. Sasaysayin ko sa inyo ang Salita ng Panginoon. Amen.

²⁰⁵ Tingnan n'yo tayo. Tingnan n'yo ang mundo ngayon. Tingnan n'yo ang ating bansa. Tayo'y sumali sa U.N. Anong naroon? Isang grupo mismo ng mga walang Diyos. At tayo, na may kapahangasan na hindi mag-alay ng panalangin bago magsimula ang ating mga sesyon.

²⁰⁶ Hindi ba't kababasa ko lang dito, “Papaanong ang dalawa'y makakalakad maliban na sila'y magkasundo? Ang Diyos ay di gumagawa ng anumang maliban na Kanyang ihayag sa Kanyang mga lingkod, na mga propeta. Papaanong ang dalawa'y makakalakad maliban na sila'y magkasundo?”

²⁰⁷ Samantalang, nariyan ang Mohammedan, Buddha, mga ateista, mga walang Diyos, makasarili, lahat na, na naroon. Sa palagay n'yo—sa palagay n'yo ba ang Diyos ay makakapanahan sa bagay na gaya nun?

208 “Buweno,” sasabihin n’yo, “hayan, buweno, tayo’y nakaalyansa sa kanila. Taglay natin ang lahat na Kanluraning proteksyon.”

209 Nasa kanila rin noon ang lahat na mga bansa sa palibot nila, bilang proteksyon. Pero ang sabi ng propeta, “Pupuksain kayo ng Diyos. Ang mismong Diyos na inyong pinaglilingkuran ay pupuksain kayo, dahil sa inyong kahangalan.” Masasabi niya ang siya ring bagay sa umagang ito. Magagawa niyang pumalahaw, mula sa mismong White House hanggang sa pinaka maralitang bukid. Tunay na magagawa niya. Kanyang bubulyawan sila, ng Salita ng Diyos. Tunay na gagawin niya. Yan ang daan ng isang tunay na propeta.

210 “Tingnan n’yo kami, na mga kaiglesyahan. Oh, kami ang bantog na santo Romano Katolikong iglesya!” Binanggit nga, sa Biblia, na isang PATOTOT.

211 “Kami ang mga patriyarka ng mga magulang, ng iglesyang Protestante, na buong nagkakaisa na sama-sama, at tinawag na . . . tinatawag na Pagdaigdigang Konseho Ng Mga Iglesya.” Mga patotot ng PATOTOT, ang sabi ng Biblia. Yun nga mismo ang sinasabi Nito. Uh-huh. At sa kabila nun ay iniisip natin, “At ngayon ang lahat na mga kaiglesyahan ay nagsasama-sama na.”

212 Si G. Collins, na isang kaibigan ko, kapatid na taga-California, o, Arizona roon. Ang iyong sim- . . . iyong . . . Pete, [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Elmer.”—Pat.] Elmer. Sabi ko, “Buweno, sa tingin ko dumadalo ka sa isang mainam na munting iglesyang Methodist.”

213 Sabi, “Lumabas na ako roon nung umanib sila sa Konseho Ng Mga Iglesya roon.”

214 Sabi ko, “Pagpalain ka ng Diyos. Ikaw ay papalapit na sa Kaharian, kapatid.” Uh-huh. Siyanga, po.

215 Dogma, umaasa sa asosasyon ng mga kalalakihan, at sa kanilang gawang-tao na doktrina, at iniwan ang Salita ng Diyos. Ang kailangan natin ay isang propeta sa panahon ngayon, na pasisiklabin ang Salita na ’yun doon. Ganoon mismo. Oo.

216 Sila’y, sila’y ligtas daw na sumisilong sa kani-kanilang mga sarili. “Oh, umanib kami. Kami, na mga Pentecostal, tunay nga, umanib kami sa Pandaigdigang Konseho Ng Mga Iglesya, dahil doon ay mayroon kaming pakikisama. Maaakay namin sila.” Gaya ng isang babae na pumupunta sa bahay-inuman, para maglasing kasama ang kanyang asawa, para akayin daw ang asawa sa Diyos. Para ngang asawang lalaki na magtutungo kasama ang asawang babae, sa panahon ngayon, sa bahay-inuman, para maglasing, para akayin daw siya sa Diyos. Kalokohan! Umiwas kayo sa teritoryo ng diyablo.

217 Kapag may anumang bagay na itinatanggi ang Salita na ’yun, ako’y laban dun. Yan ang nagbubunsod sa akin na

maging laban sa bawat organisasyon, dahil ito'y laban sa Salita. Marapat lamang na ganoon ang pakiramdam ng bawat mananampalataya. Huh!

“Buweno,” sasabihin nila, “pero, alalahanin n’yo, mayroon tayong . . .”

²¹⁸ May nakuha akong malaking artikulo sa diyaryo, na ipinadala sa akin ng isang tao mula Arizona, tungkol sa kung papaanong ang patriyarka na ito na si *Ganito-at-ganoon*, noong isang araw, ang sabi, “Si Pope John the Twenty-Second,” o anuman ang tawag nila sa kanya, “ay may . . . Siya’y isang mabuting tao. Siya lang ang tanging tao na nangusap tungkol sa pagkakaisa ng mga kaiglesyahan, ang mga Katoliko at mga Protestante, na magsama.” Sabi, “Marahil hindi pa ito mangyari sa panahon natin, pero, sa susunod na labinglima o dalawampung taon, ay mangyayari ’yun.”

²¹⁹ Sa isip-isip ko, “Naku, ikaw sa pagiging patriyarka mo, nagproposesiya ka, at di mo ito nalalaman.”

²²⁰ “Huli na kaysa sa inaakala natin.” Isinulat ’yun nung lalaki sa akin, ’yun ang isinulat sa ibabaw ng pahina, “Huli na kaysa sa inaakala natin.” Siya nga’y nakikinig sa mga teyp, din. Siyanga, po. Ang sabi niya, “Huli na kaysa sa inaakala natin.” Sabi, “Kapatid na Branham, hindi ba’t nasabi mo na ito, mga taon na ang nakararaan?”

²²¹ Sabi ko, “Oo nga.” Siyanga, po. Nangyayari na, dahil ito ang Salita ng Panginoon. Marapat lamang. Tunay. Oo.

²²² Sinasabi nila, “Buweno, ang santong patriyarka na ito, sa palagay mo hindi ba’t dapat mas maalam siya sa bagay-bagay na ito?” Hindi, po. Kung tinatanggihan niya ang Salita ng Diyos, na ganoon ang tingin niya Dito, hindi niya malalaman.

²²³ Wala akong pakialam kung gaanong karaming mga papa, mga propeta, at kung anu-ano pa ang nasa kalagitnaan n’yo. Kung kayo’y lihis sa Salita, kayo’y lihis sa Salita. Ganoon nga. Papaano pagpapalain ng Diyos ang ganoong bagay, na haya’t patuloy nilang tinatangi ang mismong Salita ng Diyos? Papaano Niya pagpapalain ang anupamang iba maliban sa Kanyang Salita, na bagay na kontra sa Kanyang Salita? Papaano Ito tatanggihan ng Diyos?

²²⁴ Papaano n’yo pagpapalain ang isang kanser na kumakain na sa inyo? Papaano n’yo pagpapalain ang isang—isang—isang kawad ng kuryente na hawak n’yo, na sasabihin n’yo, “Oh, hawakan mo ako at sunugin ako”? Kabaliwan nga.

²²⁵ Papaano pagpapalain ng Diyos ang anumang bagay na laban sa Kanyang Salita? Kaya manumbalik kayo sa Salita! Uh-huh.

²²⁶ Kayo na sangkumpol ng mga mangangaral, na parang mga asong nanghahabol, anong nangyayari sa inyo? Lumalabas kayo rito at pinagbibili ang karapatan n’yo sa pagkapanganay para

sa santumpok lang na bulanglang, para makapamaneho na sakay sa kung anong Cadillac o kung ano, o kung anong malaki't, mataas na mansion sa kung saang dako, at isang malaking milyon-dolyar na simbahan. At lahat ng mga bagay na katulad n'yan, at ipagbibili ang inyong pagkapanganay, at ikinahihiya at takot ipangaral ang Salita ng Diyos sa inyong kongregasyon. Sabihin n'yo, hindi ba kayo nahihiya sa sarili n'yo? At tatawagin ang inyong sarili na isang lingkod, isang propeta ng Diyos, samantalang ipinagbibili ang inyong karapatan sa pagkapanganay sa santumpok na bulanglang. Ano ang magiging kahihinatnan nun? Pareho lang sa nangyari noon kay Esau. Oh, isa ngang kadustaan!

²²⁷ Oh, naku! Isang banal na Diyos na binabantayan ang Kanyang Salita, para patotohanan Ito, ay di maaaring pagpalain ang isang bagay na laban sa Kanyang Salita. Ngayon pakinggan n'yo. Alam ko na medyo atrasado na, at marahil nasasamid ko na kayo nang husto. Pero, tingnan n'yo, nais kong tanungin kayo ng isang bagay. Papaanong ang isang banal na Diyos, Na sinalita ang Kanyang Salita at nagsabi, "Ngayon, kapwa ang kalangitan at lupa ay lilipas, pero Yan ay hindi lilipas, ni isang Salita man Nito," ngayon papaano Niya kukunin ang isang bagay na kontra Roon at pagpapalain ito? Papaano Niya gagawin 'yun? Tingnan n'yo. Kanyang pinatutunayan, Mismo. Pinatotohanan Niya ang Kanyang Salita. Sinasabi Niya kung ano ang tama, hindi sa pamamagitan ng pagmimiyembro.

²²⁸ Tingnan n'yo ang Moab. Taglay ng Moab noon ang Salita ng Diyos, din, ang Moab. Taglay ng Israel ang Kanyang Salita; at ang Moab ay may anyo ng kabanalan, sa Kanyang Salita. Nag-alay sila ng pitong alay, na malilinis na guyang baka, sa ibabaw ng pitong dambana; ang ganap na numero, ang ganap na alay. Pagkatapos, maliban pa riyan, kumuha siya ng pitong lalaking tupa, na nangangahulugan na naniniwala sila sa pagdating ng Anak ng Diyos, at inalay ang mga 'yun dun, sa kanilang mataas na arsobispo. Ang lahat ng kanilang mga dignitaryo, lahat ng mga saserdote nila't matataas na saserdote, lahat na ng iba, ay tumayo kasama ang kanilang mga hari't mga presidente, at kung ano pa, at inalay ito nang ganoong karelihiyoso sa abot ng magagawa nila, katapat ng Israel.

²²⁹ At naroon sa ibaba ang Israel, isang munting grupo ng mga suwail, mistula ba. Pero ano ang kasama ng Israel? Ang Diyos ay nasa kanilang paghayo. Pinatutunayan ng Diyos ang Kanyang Sarili, na Siya'y kasama nila. Kita n'yo?

²³⁰ Kahit na gaano pang karaming patriyarka ang mayroon sila, mga papa, o kung ano pa, ang Diyos ay di maaaring kasama nila hanggang sa napatunayan Niya ang Kanyang Sarili sa kanila. At hangga't lihis sila sa Kanyang Salita, at tinatanggihan ang Kanyang Salita, papaano Siya sasama sa kanila? Wala ngang tanda ng buhay na Diyos sa kalagitnaan nila.

231 Papaanong ang Diyos ay sasakalagitnaan ng U.N., yamang ang dalawa'y di makakapaglakad maliban na sila'y magkasundo?

232 Ngayon, tingnan n'yo rito. May isang Church of Christ, na tinatawag, na umanib sa mga Pentecostal. Ang Pentecostal ay nagsasabi na naniniwala sila sa pagsasalita ng iba't ibang wika. Naniniwala sila na ang katunayan ng Espiritu Santo, ay ang pagsasalita ng iba't ibang wika. Sinasabi nila na naniniwala raw sila sa *ganito*, *ganoon*, at kung *ano pa*. Naniniwala sila sa mga tanda't mga kababalaghan. Pinagtatawanan lang sila ng Church of Christ, ang sabi, "Kayo na grupo ng mga hangal! Lipas na mga araw na 'yan." Papaanong ang dalawa'y makalalakad maliban na sila'y magkasundo? At sila'y nagsama pa mismo. Anong ginagawa nila? Naghahanap sila ng kaligtasan sa isa't isa. Layuan n'yo ang mga bagay na gaya n'yan!

233 Ang aking kaligtasan ay kay Cristo at sa Kanyang Salita, dahil ang Kanyang Salita'y Siya mismo. Ganoon nga.

Wala roong tanda ng buhay na Diyos, na kahit na ano.

234 Yan ang sinabi ni Jesus, "Kung hindi Ko maibunsod ang Salita na mahayag, kung ganoon huwag n'yo Itong paniwalaan. Kung ang Diyos ay hindi nangungusap at nagpropopesiya sa pamamagitan Ko, at nagsasaysay sa pamamagitan Ko at gumagawa sa pamamagitan Ko ng bagay na dapat gawin ng Mesiyas, kung ganoon huwag n'yo Akong paniwalaan."

235 Kung ganoon, isang lalaki na nagsasabi na siya raw ay isang propeta na ipinadala ng Diyos, pero itinatanggi naman ang Salita? Mahabag nawa ang Diyos sa ganyang bagay! Papaano magagawa ng Diyos ang ganoon?

236 Hayaan n'yo akong magtanong, tanungin, ito ngayon. Hindi ko—hindi ko alam kung kailan ako makakapangusap sa inyo uli. Nasa Diyos na ito. Akin lamang inihahain ang Pagkain, gaya ng sinabi Niya sa akin sa pangitain na 'yun noong panahon na 'yun, na inilalagay Ito sa mga bariles.

237 Marahil tatanungin n'yo ako, "Papaano na paunang makikita ni Amos ang bagay na mangyayari sa kanila?" Aba't, mainam 'yun kung titingnan.

238 Tingnan n'yo. Ngayon tumingin kayo rito. Ngayon, makinig kayong maigi ngayon. Dahil, Itong lahat ay nasa teyp, at Ito'y kakalat, Ito'y lalaganap sa buong mundo. Kita n'yo? Ngayon paano. . . Tingnan n'yo rito.

239 Hayan ang Israel. Ang kanilang mga seminaryo'y nasa mainam na kalagayan kaysa noon. Walang umaabala sa kanila. Taglay nila ang sarili nilang mga relihiyon. Walang naroon na magsasabi, "Hindi n'yo maaaring sambahin si Jehovah." "Ipagpatuloy n'yo lang," ang sabi ng mga hetanong bansa, "sumamba kayo. Mayroon tayong kasunduan, sa isa't isa."

240 Tumagos ang tingin ng propeta sa bagay na 'yun. Kita n'yo? Ganoon din na ang isang propeta sa panahon ngayon ay tatagos ang pagkakita rito. Kita n'to?

241 "Sige lang." At ang sabi ng Israel, "Buweno, tayo'y kumain, uminom, at magsaya." Kaya nagsama-sama sila at gumawa mula roon ng ilang mga kredo, at mga organisasyon, mga denominasyon, at mga bagay-bagay, at inayos ang lahat ng 'yun. At ang kanilang mga kababaihan ay namumuhay sa luho at kasalanan sa dako roon. Naku, kung anu-ano ang pinaggagagawa sa mga kabaret at lahat, na halos hubad na, sa maiiksing parang-sutlang mga palda. Kung makikita n'yo ang ilan sa kanilang—kanilang kasaysayan noong mga araw na 'yun, kung ano ang itsura nila, o, halos sankatlong kasing sama gaya nila ngayon. Hindi pa, masyado, dahil hindi pa nila maabot. Siyanga. At kung anong ginagawa nila at pinaggagagawa gaya nun; at ang mga hari't mga saserdote, at lahat na mismo.

242 Ang sabi ni Jesus, "Inyong sinasakmal ang mga bahay ng mga balo, kayo na mga mapagpaimbabaw." Sinabi Niya ito. At lahat ng mga bagay na ito na kanilang ginagawa.

243 Naroong nakatayo ang propeta, nakatanaw roon, sa bansa na tulad n'yan, haya't di nakapagtataka na ang puso niya'y nahapak sa kalooban niya. Siyanga, po.

244 Ngayon, sinasabi n'yo, "Paano niya alam kung anong mangyayari? Paano niya ito paunang nakikita? Paano?" Ang lahat ay maganda sa paningin. Hayan nga, na sagana sila sa makakain. Sagana sila sa masusuot. Sila, sila'y may naglalakihang mga simbahan. Sila'y yumayaman. Ang salapi'y tinatapon lang kung saan-saan, dahil sa luho. Mga sayawan sa lansangan, imoralidad, at lahat na na tuluy-tuloy, at ang lahat ay mainam ang takbo. Kagaya ng Amerika sa panahon ngayon. Ang telebisyon ay puno ng maruruming biro, mga babaing halos hubad na manamit, lahat na. Ang lahat ng makikita mo'y putik at kasalanan. Hindi n'yo nga kailangang tumingin sa telebisyon, imulat n'yo lang inyong mga mata, tumingin saanmang dako. Mga kabataang babae, mga kabataang lalaki, mga kalalakihan, mga kababaihan: naninigarilyo, umiinon ng alak. Ang mga Jezebel na ito'y tinatawag ang kanilang mga sarili na mga Cristiano. Maruruming diyablo na tinatawag ang mga sarili na Methodist, Baptist, Presbyterian, Katoliko, at mga Pentecostal. Uh-huh. Uh-huh.

Hindi na nakapagtataka na naningkit ang kanyang mga mata noong tumanaw siya. Huh! Ganoon nga.

245 "Mainam naman ang lahat. Paanong ililigtas mo ito? Kung gagawin naman namin ang... Paano? Paano? Tingnan n'yo rito. Buweno, kami'y—kami'y mas dumami pa nga nang sanmilyon. Kami'y—kami'y may... Kami... Ang aming mga gusali'y, oh, ang aming mga simbahan ay naglalakihan mismo,

kinakailangan naming magtayo pa ng bagong mga simbahan. Buweno, napakarami naming pera, hindi nga namin alam kung anong gagawin dito. Aba, tinatayo namin ang pinaka maiinam na mga dako sa—sa bansa. Ang pinaka malalaking simbahan na nariyan, sa amin ang mga 'yan. At napakarami pa rin naming natitirang pera. Hindi mo ba naisip na marahil pinagpapala kami ng Diyos?" Hindi. Kayo'y lihis sa Kanyang Salita.

²⁴⁶ "At, Kapatid na Branham, ang ibig mo bang sabihin ay wawasakin ito ng Diyos?" Oo, ang bawat isa sa kanila.

"Papaano mo naman nalaman?" Amos, paano mo nalaman?

²⁴⁷ Katulad nga ng isang doktor na sinusuri ang isang sakit. Kapag nalaman niya ang sakit na nasa pasyente, alam na niya kung ano ang gagawin. Alam niya kung anong mayroon sa pasyente. Alam niya kung gaanong kalala na ito. At alam niya kung anong mangyayari. Yan ang daan ng isang propeta, isang tunay na propeta, kapag makikita niya. Wala akong pakialam kung anong ginagawa n'yo. Kapag nakita niya ang kasalanan na lumalala, ito'y isang kanser na kumakain. At 'yun ay nasa malalang yugto na, sa mga Pentecostal at lahat ng iba pa sa kanila, hindi na 'yun maibabalik pa. Malalang yugto na. Talagang sila'y mamamatay na.

²⁴⁸ Ganoon sinuri ni Amos ang sakit. Sinuri niya 'yun sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ganoon ang gagawin ng isang pro-... sinusuri ng isang tunay na propeta ang kaso, at sinasabi 'yun sa kanila na mga kababaihan, "Huwag na huwag kayong susubok na dumako sa Paghatol na putol ang buhok, mas maalam kayo riyan." Sasabihin sa inyo na mga kalalakihan, sa iba pa sa inyo, at sa inyo na mga mangangaral na itinatangi ang Salita, at may anyo ng kabanalan, at nakikianib sa mga organisasyon, para iwasan ang usapin, samantalang mas maalam kayo riyan. Nakatingin kayo sa siya ring Salita na tinitingnan mismo ng tunay na mga propeta. Ang resulta ng pagsusuri sa kaso'y nagsasabi, "Kamatayan! Paghihiwalay!" Gaya ng isang doktor, alam niya ang kaso. Alam niya kung anong sintomas ang naroon.

²⁴⁹ Tingnan n'yo ang bansang ito. Panahon nga na masasabi n'yo, "Tapos na ang Pentecostal." Panahon nga, na ayaw na nilang dumalaw ka sa kanilang simbahan, dahil ipinapangaral mo sa mga kababaihan ang tungkol sa pagpapaputol ng buhok, at kinokondena 'yun ng Biblia. Takot sila na baka may masabi ka tungkol sa . . .

²⁵⁰ Dito nung isang araw, noong bumibisita ako sa ilang mga paghayo, si Roy Borders, doon sa Kanlurang Baybayin, dinala nila siya na may kasama, na isang grupo ng mga ministro, na mga, oh, sa palagay ko apatnapu o limampu sila, kung saan ako nagdaos ng isang malaking pagtitipon. Ang sabi nila, "G. Borders, nais kong magtanong sa iyo ng isang bagay." Sabi,

“Totoo ba na gumagamit si Kapatid na Branham ng Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo sa pagbabautismo?”

²⁵¹ Si G. Borders, isang napakarangal na ginoo, gaya ng pagkakakilala n’yo kay Kapatid na Borders dito. Ang sabi niya, “Mga ginoo,” sabi niya, “si Kapatid na Branham, kapag naroon siya sa mga paghahayo, sa labas, ay ganito,” sabi, “hindi siya nangangaral. Dumidiretso siya agad at ipinapanalangin ang mga may sakit n’yo. Ganoon lamang ang ginagawa niya.”

²⁵² Sabi, “Hindi ’yan ang tinatanong ko,” sabi ng presbitero. “Siya nga ba?” Ngayon, mayroon kasi sila nung mga teyp. Alam nila. Sabi, “Siya ba’y nagbabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo?”

²⁵³ Sabi niya, “Oo, sa sarili niyang simbahan. Diyan lang ang tanging lugar na nagbabautismo siya, sa sarili niyang simbahan.”

²⁵⁴ Sabi niya, “Yun lang. Yun lang ang nais kong malaman. Ayaw namin siya. Ayaw namin ng ganoong hidwang pananampalataya sa kalagitnaan ng mga miyembro namin.”

²⁵⁵ At noong isang araw, noong ang mabuti kong kaibigan, na si Ed Daulton, noong makatanggap siya ng liham mula sa iglesyang Baptist. Ang sabi niya, “Tinitiwag ka namin mula sa pakikisamang Baptist, dahil umanib ka sa hidwang pananampalataya ng pagbabautismo sa Pangalan ni Jesus.”

²⁵⁶ Nais ko ngang manindigan kasama ni Pablo, “Ang bagay na tinatawag ng mundo na hidwa, ’yun ’yung paraan ng pagsamba ko sa Diyos, dahil ito’y Kanyang Salita.” Siyanga, po. Oo. Oh, tunay.

²⁵⁷ Sinusuri ng doktor ang kaso. Nakikita niya kung nasaan ito. Ang isang tunay na propeta’y sinusuri ang kaso, sa pamamagitan ng Salita. Anong ginagawa niya? Ang isang doktor ay sinusuri ang kanyang kaso, sa pamamagitan ng mga sintomas. Tama ba? Tinitingnan niya ang mga sintomas at tinitingnan niya kung ano ang suliranin sa pasyente. Tinitingnan niya kung gaano na itong kalala, at nagsasabi, “Wala nang magagawa pa.”

²⁵⁸ Ang isang tunay na propeta’y kinukuha ang Salita ng Diyos at sinusuri ang mga kaso, nilalagyan ito ng Medisina. At itinatapon Ito ng mga tao pabalik sa kanyang mukha. Anong mangyayari? Mamamatay, ganoon nga; mahilig-sa-kalayawan, nababahiran-ng-mundong grupo ng mga tinatawag na pagpapaimbabaw! Pero ganoon ang daan ng isang tunay na propeta. Kita n’yo? Oh, grabe!

²⁵⁹ Nakikita niya ang sakit. Nakikita niya na napalayo sila sa Salita. Nakita niya ang Salita. At alam niya ang mga resulta na parating. Nakita niya ang luho na kinabubuhayan nila, nakita niya kung paano na umakto ang mga kababaihan. Nakita niya kung paano gumawa ang mga saserdote, kung paano silang

lumayo mula sa tunay na pagsamba sa Diyos, at mga bagay na gaya nun. Doon, taglay niya ang—taglay niya ang sagot. Ang sabi niya, “Ang Diyos na ’yun na sinasabi n’yo na pinaglilingkuran n’yo ay wawasakin kayo.”

“Bakit?”

²⁶⁰ “Hindi n’yo tinupad ang Aking Mga Utos.” At sa kabila nun inaakala nila na ginagawa nila. Hindi ba’t binasa ko ’yun dito? Ika-2 talata, ika-4. . . ika-2 kabanata, ika-4 na talata, “Dahil pinili Ko kayo na maging. . . Sa lahat na mga pamilya ng lupa, pinili Ko kayo, at sa kabila nun ay tumanggi kayo na lumakad sa Aking Mga Utos.” Inaakala n’yo. . .

²⁶¹ Ang maliit, na kalbong propeta na ’yun na nakatayo roon na nag-uuban na ang balbas; na kumikislap sa kanyang mga mata, ang nagningas na apoy; nagsasalita sa grupo ng mga saserdote roon at iba pa, at ang sabi, “Ang Diyos na kayong mga ipokrito’y umaakto na parang pinaglilingkuran n’yo, ang siya ring Diyos ay wawasakin kayo.” Sa palagay n’yo ba makakakuha siya ng pakikipagtaguyod? Huh! Ang sabi niya. . . Oh, grabe! Siya, subukan n’yo siya at tingnan kung makakakuha nga siya. Hindi. Pero siya’y ano? Yun ang daan ng isang tunay na propeta. Taglay niya ang Salita. Alam niya kung ano Ito.

Gaya ni Micaya noong lumang. . .

²⁶² Sa pag-aalay ko sa munting sanggol kanina, hindi ko nabanggit ang ilan nito, kanina, dahil binibilisan ko na.

²⁶³ Pero, si Micaya, noong tumayo siya sa harap ni Ahab, tumingin siya sa kanila. Alam niya ang Salita. Ipinangusap ni Micaya ang Salita sa kanila. Bakit? Sinuri ni Micaya ang kanyang pangitain, ang kanyang Doktrina, sa Salita ng Diyos. At nakita niya na ang Doktrina niya at Salita ay pareho. Dahil, sinabi ng Salita na Kanyang susumpain si Ahab, at ibubunsod ng Diyos ang mga aso na himuran ang kanyang dugo. Yun ang sinabi ng Salita.

²⁶⁴ Mangyari nga, na si Micaya ay nagkaroon ng pangitain. Haya’t, isa siyang propeta. “Tingnan n’yo ang Salita na dumarating sa akin.” At nanalangin siya, “Oh Panginoong Diyos, ano pong kailangan kong gawin? Ano ba ang dapat kong sabihin sa grupong ito ng mga mangangaral na nakatayo rito? Heto ang lahat na mga organisasyon. Bawat isa sa lupain ay nagtipun-tipon laban sa akin, Panginoon. Heto akong nakatayo sa harap ng hari. Ano ba ang dapat kong sabihin?”

²⁶⁵ At pumasok siya sa isang pangitain. Sabi, “Sige. Pumunta kayo.” Sabi, “Pero nakita ko ang Israel na nagkalat na gaya ng mga tupa na walang pastol.” Siyanga.

²⁶⁶ Yung—’yung presbitero ng distrito’y lumapit at sinampal siya sa bibig, at nagsabi, “Saan na pumunta ang Salita ng Diyos, ang

Espiritu ng Diyos, saan pumunta, noong Ito'y umalis sa akin?" Paalis sa kanya?

267 Alam n'yo ba kung anong sinabi ng Diyos? Nagpababa siya ng isang diyablo, para pumaroon sa kalagitnaan nila, dahil sila'y lihis sa Salita, sa simula pa nga lang.

268 Ang sabi ng Biblia, "Kung di nila sasampalatayanan ang Salita, Kanyang bibigyan sila ng matinding maling-akala, para maniwala sa isang kasinungalingan, at mapapahamak dahil dun." Yan mismo ang ginagawa ng mga organisasyon at mga tao ng bansang ito sa panahon ngayon, naniniwala sa isang kasinungalingan, na dito'y napapahamak sila. "Sapagkat wala nang ibang Pangalan na ibinigay sa ilalim ng Langit na sa pamamagitan nito kayo'y maliligtas." Luminya kayo riyon, mga organisasyon, at iba pa. Oo.

269 Ngayon, ano nga ang ginawa ng iba pa...?..Ano ang tiningnan ng iba pang mga propeta na ito? Sila'y mga propeta. Siyanga, po. Sila'y mga propeta. Pero kung huminto lang sana sila at sinuri ang kanilang propesiya sa Salita!

270 Kung hihinto lang sana ang mga Methodist ngayon at susuriin ang kanilang propesiya, hindi na sila magwiwisik ng iba pang tao. Tatanggapin nila ang Espiritu Santo. Babautismuhan nila ang bawat tao sa pamamagitan ng paglulubog, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kung ang Assemblies of God ay hihinto lang sana ngayon at titingnan ang kanilang propesiya, sila'y babalik mismo sa Salita. Kung ang Oneness, ngayon, ay hihinto lang sana at susuriin ang kanilang propesiya, sila'y manunumbalik sa Salita.

271 Pero, kita n'yo, kung ang mga propeta na 'yun ay huminto lamang at sinuri ang kanilang propesiya! Haya't sila'y nagrason. Ang sabi nila, "Sa atin 'yun. Kaya tayo'y pupunta sa Ramoth-Galaad at babawiin 'yun, dahil ito'y sa atin. Ibinigay ito sa atin ni Josue."

Pero ang sabi ni Micaya, "Makatwirang pakinggan."

272 Pero 'yun nga ito. Hindi n'yo ibig na nagrason. Ang nais n'yo ay sampalatayanan kung ano ang sinabi ng Diyos. Huwag kayong nagrason ng anuman.

273 Ano kaya kung nagrason si Abraham? Paano siya makakaalis sa lupain niya? Papaano na siya'y sandaan taong gulang na, ay patuloy pa rin sa pagpupuri sa Diyos, at sila'y magkakaroon ng sanggol sa pamamagitan ni Sarah, at ito'y nobenta na?

Iwaksi ang mga pagraron. Manampalataya lamang.

274 Hinahayaan n'yo ang diyablo na sabihin sa inyo, "Alam mo, si Kapatid na Branham nga'y walang iba't isang ipokrito."

275 "Ngayon, ako ngayon ay maghihintay, titingnan ko kung siya ba'y talagang ipokrito. Titingnan ko nga kung ang pagtuturo niya'y tama. Aking titingnan pabalik sa Biblia." Huwag, huwag

kayong. . . Hindi kayo hahayaan ng diyablo na gawin 'yun. Hindi, hindi. Kita n'yo?

²⁷⁶ Bagkus siya'y magsasabi-sabi ng bagay na masama tungkol sa akin, na siya naman ay maaaring may karapatan na gawin, pagkatapos kapag dumarating nang dumarating 'yun sa inyo, haya't hihinto kayo at magsisimula nang magrason, "Oo nga. Dapat hindi niya ginawa 'yung *ganito*. Hindi niya dapat ginawa 'yung *ganoon*." Unti-unti kayong makakahanap ng puna sa akin, buweno, marami talaga kayong mapapansin.

²⁷⁷ At marahil titingin kayo sa Panginoong Jesus. Makasusumpong din kayo nang marami. Tingnan n'yo Siya, pansumandali. Kunwari ituring ko na ang bawat isa sa inyo ay ministro. Ngayon kakalimutan natin na Siya'y naparito pala noon sa lupa. Heto ang isang Binatilyo na pinatunayan, sa buong bansa mismo, na Siya'y isang—isang bastardong Anak. Ipinanganak Siya ng nanay Niya bago pa ang nanay at tatay Niya ay nakasal. Napatunayan 'yan. (Ngayon, hindi nga sila bumaling sa Salita, "Isang birhen ang maglililihi.") Sila'y magbabase lang sa bagay na naririnig nila, nakikita, "Isang ilehitimong Anak." Hindi ba't sinabi nila sa Kanya na Siya raw ay ipinanganak sa kasalanan, at sinikap pa rin Niya na turuan sila? Ako'y . . . Kita n'yo?

²⁷⁸ At tingnan n'yo kung ano ang ginagawa Niya noon. Aktuwal Niyang ginigiba ang bawat iglesya na mayroon sa bansa. Tama ba 'yun? Mga organisasyon, lahat ng iba pa.

²⁷⁹ Ano Siya? "Isang lumaking Binata na palaboy-laboy, kabataang Lalaki, walang denominasyon. Sabihin Mo sa amin kung saang iglesya Ka kabilang. Sino ang Iyong ama? Sinasabi Mo na hindi si Jose ang Iyong ama?"

"Hindi si Jose ang Aking ama," sinasabi Niya.

"Buweno, sino ang Ama Mo?"

"Ang Diyos ang Aking Ama."

²⁸⁰ "Buweno, talagang panatiko Ka! Ganoon Ka nga. Ikaw, na isang Tao lang, at sinasabi na ang Diyos ang Iyong Ama?"

²⁸¹ Kung sinuri lang sana nila ito sa pamamagitan ng Salita! Hallelujah. Hindi n'yo ba nakikita kung ano? Ang Salita ay magsasalaman. Hindi nila sinuri ang kanilang pangitain sa Salita. Ganoon nga.

²⁸² Yan ang problema sa panahon ngayon. Hindi n'yo sinusuri ang inyong mga pangitain sa . . . ang inyong—ang inyong propesiya at inyong doktrina, sa Salita ng Diyos. Kapag may taong magsasabi sa inyo ng Katotohanan, tapos hihiwalay kayo sa kanila, katulad kay Amos, kung ano ang nangyari kay Amos. Ganoon din ang ginagawa n'yo.

²⁸³ Ngayon tingnan n'yo rito. Siya'y nasa kalagayan na ito. Ngayon, maaaring kokondenahin n'yo Siya, marahil, ganoon

nga, kung hindi n'yo sinuri pabalik sa Salita. Siya ring bagay ang ginagawa nila. Kanilang kinokondena Siya ngayon.

284 Ano kaya kung kayo na mga kababaihan, *dito* at *dito*, siyanga, bakit di n'yo suriin ang ideya n'yo ng putol na buhok sa Salita, at tingnan n'yo kung anong sinasabi Nito? Kita n'yo? Bakit di n'yo gawin ang ganoong mga bagay?

285 Bakit di n'yo suriin ang inyong pagbabautismo, sa “Ama, Anak, Espiritu Santo,” ang huwad na “trinidad” na 'yan, na siyang tawag ninyo, na wala nang iba kundi tatlong katungkulan lamang ng iisang Diyos, mga titulo lamang? Walang *pangalan* na “Ama.” Walang ganoon na *pangalan* na, “Ama, Anak, at Espiritu Santo.”

286 Ang Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay, “ang Panginoong Jesus Cristo.” Suriin n'yo ang inyong pagbabautismo sa kung paano ang bawat isa sa Biblia ay nabautismuhan. Kung susuriin n'yo lang ang inyong kaisipan sa Salita, kayo'y—kayo'y babaling pabalik at kayo'y magpapabautismo sa Pangalan ng “Panginoong Jesus Cristo.”

287 Yun ang sinabi sa kanila ni Pablo. At nagsabi, “Kung may iba na magtuturo ng anumang iba, siya—siya nga'y masumpa, maging isang Anghel man na bumaba.”

288 Alam n'yo, maraming beses, na ang mga Anghel ay bumaba. Naku, ganoon na lamang na padalos-dalos na tatanggapin ito ng Pentecostal!

289 Gaya noong si San Martin ay nakatayo roon, at heto ang isang malaking maliwanag na pigura na nakatayo roon sa harap niya?

290 Isang lalaki na nagbabautismo noon sa Pangalan ni Jesus, na naniniwala sa Espiritu Santo, at tinutupad ang Salita! At hayan na sinipa siya palabas ng mga Romano, at ginawa na ang lahat sa kanya, sinikap na ipatanggap sa kanya ang kanilang mga dogma at mga gawang-tao na mga doktrina. Ang lalaki na 'yun ay tumayo sa Salita.

291 Isang araw, sa kanyang kapangyarihan, ang mga diyablo'y pumupunta sa kanya at sinusubukan na kausapin siya. Hindi nga niya sila pinapansin.

292 Isang araw, dumating si Satanas na gaya nun, na katulad ni Cristo, nakokoronahan, nakasuot ng gintong mga panyapak, nakatayo roon at ang sabi, “Hindi mo ba . . .” May mga alab ng apoy sa palibot niya. Sabi, “Hindi mo ba ako nakikilala, Martin? Ako ang iyong Panginoon. Sambahin mo ako.”

Tumingin sa kanya si Martin. “May kung anong mali roon.”

293 Sabi niya, “Martin, hindi mo ba ako nakikilala?” Sabi, “Ako ang iyong Panginoon at Tagapagligtas.” Sabi, “Sambahin mo ako.” Sinabi niya 'yun nang tatlong beses.

294 At tumingin sa paligid si Martin. Nakita niya, na si Cristo ay kokoronahan ng Kanyang bayan, sa Pagparito Niya. Hindi siya magsusuot ng gintong mga panyapak. Sabi niya, “Lumayo ka sa akin, Satanas.”

Naku, hindi ba’t tatanggapin ‘yan kaagad ng mga Pentecostal? “Naku, talagang isang nagliliwanag na Anghel!”

295 May isang babae na pumaroon, sa Chicago kung saan ako papunta, ang sabi, “Kapatid na Branham, sinasabi ng mga ministro roon na kung sinabi sa iyo ng Anghel ng Panginoon na magbautismo sa Pangalan ni Jesus, tatanggapin nila ito. Pero mangyari kaya na sariling kaisipan mo lang ito?”

296 Sabi ko, “Kung ang Anghel ng Panginoon ay magsasabi ng anumang kontra Roon, hindi ‘yun Anghel ng Panginoon.” Kita n’yo?

297 Kung may Anghel na magsasabi na kontra sa Salitang *ito*, ‘yun nga’y kasinungalingan. At kung may tao na magsasabi sa iyo, isang mensahero mula sa Diyos, na magsasabi na siya’y mula sa Diyos, at sasabihin sa inyo, “Tama lang na magbautismo, sa pangalan ng ‘Ama, Anak, Espiritu Santo,’” haya’t ituring n’yo siya na isang sinungaling.

298 Kung may tao na magsasabi sa iyo, “Ayos lang para sa inyo, na ang buhok ay putol, at mga bagay na gaya n’yan; na ang dapat n’yong gawin ay magsuot ng isang sumbrero sa simbahan, na magsisilbing bonnet, ‘para maging lambong,’” siya nga’y isang sinungaling.

299 Ang Salita ng Diyos, ay ang Katotohanan. Alinman sa mga bagay na ito na laban sa Salita, ito’y dapat ituring na isang kasinungalingan. Ito’y ang Salita, ang Katotohanan. Ito’y mananatili.

300 Yan ang dahilan kung bakit alam ni Micaya na ang propesiya niya ay galing sa Diyos, dahil ito’y umaayon sa Salita ng Diyos. Siyanga, po. Ang kanyang pangitain ay sumasakto mismo sa Salita ng Diyos.

301 Oh, kung nandito si Amos, siya’y mananatili sa Salita. Siyanga. Pero, nakita n’yo, ang problema sa panahon ngayon, sa atin, ay katulad sa kanila noon. Malapit na po akong magtapos. Ang problema sa atin ay katulad sa kanila noon. Sila’y tinuruan, na lihis sa Pundasyon. Sinabi ni Jesus, “Niwawalang kabuluhan ninyo ang Salita ng Diyos dahil sa inyong mga tradisyon.” At dahil sa huwad na pagbabautismo na ‘yun! Yang huwad na tanda ng pagtanggap sa Espiritu Santo! Ang ilan sa kanila’y nagsasabi, “Sa pakikipagkamay.” Ang ilan sa kanila’y nagsasabi, “Pagsasalita ng iba’t ibang wika.” Nakarinig na ako ng mga diyablo na nagsasalita ng mga wika, at nakikipagkamay, din. Siyanga, po. Walang tanda Nito. Ngayon, lahat ng mga bagay na ito’y tulad nun, lahat ng mga bagay na ‘yun, kita n’yo,

napapalayo kayo sa Salita ng Diyos dahil sa pagtuturo ng mga tradisyon na 'yun. Ganoon nga.

Ngayon, kanyang, kinakailangan niyang maipanumbalik kayo sa Salita.

³⁰² Pero tayo ngayon, ang mga tagapagturo natin sa panahon ngayon, ay tinuruan ang mga tao, na mapalayo mula sa Pundasyon ng Salita ng Diyos. Ngayon pakinggan n'yong maigi.

³⁰³ Yun ang ginawa nila roon. Yun 'yung bagay na sinasabi ni Amos sa kanila. "Ang Diyos na sinasabi-sabi ninyo na kilala ninyo, Siya Mismo ang pupuksa sa inyo."

³⁰⁴ Ngayon, naturuan natin sila, na malayo sa (ano?) sa Pundasyon ng "Pananampalataya na minsanang ibinigay sa pentecostal na mga magulang," oo, ang Biblia. Nagturo ng huwad na purgatoryo! Nagturo ng huwad na bautismo! Lahat, huwad, huwad, huwad, lumalayo mula sa Orihinal.

³⁰⁵ Hindi n'yo ito pinaniniwalaan? Manumbalik kayo sa Biblia, at iwaksi ang inyong "purgatoryo," at iwaksi ang inyong "Ama, Anak, Espiritu Santo," at "pagwiwisik," at lahat ng mga bagay na 'yan, at bumalik at tingnan kung ito'y ayon ba sa Kasulatan. Ganoon ang daan. Tingnan n'yo kung ito'y nasa Pundasyon. Kita n'yo? Lihis kasi sila sa Pundasyon.

³⁰⁶ Na, sinabi ni Pablo na . . . sinasabi ng Biblia—ng Biblia na ang—ang . . . na, "Ang Iglesya ng Diyos ay natatag sa ibabaw ng Turo't Aral ng mga alagad at mga propeta." Ang mga propeta't mga alagad ay kailangan pareho. Tunay nga.

³⁰⁷ Ano? Nalihis tayo mula sa Pundasyon ng Salita, napadpad tungo sa makadenominyong mga pundasyon.

³⁰⁸ Pakinggan n'yo ngayon. Patapos na ako. Isuot n'yo ang espirituwal n'yong pandinig ngayon. Pakinggan n'yo.

³⁰⁹ Lumihis tayo mula sa Pundasyon ng Salita, at napadpad sa pundasyon ng isang denominasyon. Gaano pa kaya ako katagal mangusap ukol diyan? Mga tatlong oras pa. Nalihis sa Pundasyon ng Salita, patungo sa pundasyon ng makamundong mga kalayawan, pagkamakasanlibutan, pagkaimoral na gumagapang papasok sa iglesya. Nalilihis sa Salita, patungo sa mga kredo. Aabutin ako nang tatlong linggo siguro para ipangaral 'yan, nang kalahatian, ukol sa apat na komentaryo lang na 'yan. Nalihis sa Salita, napadpad sa isang denominasyon, makadenominyon na salita. Sa mismong sandali na ang—ang iglesya'y maging denominasyon, ito'y nalilihis mula sa Salita sa mismong sandali na 'yan.

³¹⁰ Wala nang natitira kundi isang bagay na lang. Manumbalik kung saan kayo nalihis, at magpatuloy. Bumalik sa Salita. Ganoon nga. Ang ibig sabihin ng *magsisi* ay "humayo, manumbalik, tumalikod." Mali kasi ang daan na tinatahak mo. Buweno.

³¹¹ Denominasyon ng kalayawan. Denominasyon ng san-... Isang—isang pundasyon, ang ibig kong sabihin, ng—ng kalayawan, pundasyon ng pagkamakasanlibutan, pundasyon ng mga kredo. At lahat ng 'yun, sama-sama, ay nagsibol ng imoral na pagkabulok, espirituwal na pagkabulok.

³¹² Siya sa pagiging isang tunay na propeta, makikita niya mismo ang bagay na nakita niya sa kanila noon. Kung siya'y nakatayo rito sa entablado ngayon, at sasabihin ko, “Kapatid na Amos, dakilang propeta ng Diyos, ikaw na walang kinatakatutan, halika at kunin mo ang lugar ko,” kanya ngang ipapangaral ang Salita na ito. Kailangang gawin niya. Isa siyang propeta. Buweno. Kanyang ipapangaral Ito nang eksakto sa kung papaano Ito nasusulat, ito mismong sinasabi natin ngayon. Buweno. Hayan siya, na ang nakita niya sa kanila noon ay nakikita niya sa atin, imoral na pagkabulok.

³¹³ Tingnan n'yo lamang, mga kaibigan. Ilan dito, sa kasalukuyang iglesya rito ngayon, ang nakikita na ang sanlibutan ay nasa imoral na pagkabulok? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Aba, alam natin na ganoon nga. Anong problema? Ito'y nalihis sa Salita. Siyanga. Buweno.

³¹⁴ Hindi sinisi ni Amos ang gobyerno. Napansin n'yo ba siya rito, kapag basahin n'yo ito kapag nakauwi na kayo? Hindi niya sinisi ang gobyerno, kanyang sinisi ang iglesya sa paghalal sa ganoong klaseng gobyerno. Hum!

³¹⁵ Kayo na mga pulitiko, hayaan n'yong patimuhin ko ito nang maigi pansumandali, dito at sa buong mundo, kung saan ito makakaabot. Ang iglesya'y naghalal ng ganoong bagay gaya ni Jeroboam. Iniisip ko nga kung kayo, tayo, ay nakagawa ng ganoon ding bagay? Sabihin na lang natin na isa itong mabuting gobyerno; ang gobyerno'y hindi makakapagtayo ng isang bahay sa ibabaw ng isang bato kapag ang mga tao'y boboto na magpatayo ng bahay sa ibabaw ng buhanginan. Siya nga ba? Huwag n'yong sabihin, “Ang gobyerno kasi namin! Ang gobyerno kasi namin!” Kayo, ang bayan. Ang mga tao nga. Papaano natin. . .

³¹⁶ May ministro na nagsabi sa akin, sabi, “Kapatid na Branham,” sabi, “tingnan mo. Alam ko na tama ka sa bagay na Iyan. Pero,” sabi, “kung ipapangaral ko Yan, sisipain ako palabas ng aking denominasyon, palalayasin ako ng mga miyembro ko palabas ng simbahan.” Sabi, “Hindi na ako kailanman makakapangaral ng isa pang pangangaral.”

Sabi ko, “Ipangaral mo Ito, ano't anuman.” Siyanga, po.

³¹⁷ Ito'y Salita ng Diyos. May responsibilidad kayo. Kung kayo'y isang propeta ng Diyos, na totoo, kayo'y mananatili sa Salita. Kung hindi, mananatili kayo sa inyong denominasyon. Depende sa kung saan kayo galing.

318 Tingnan n'yo. Hindi, po. Hindi tayo makakapagpatayo, ang gobyerno'y hindi makakapagpatayo ng isang bahay sa ibabaw ng isang solidong Bato kapag ang mga tao ay boboto para sa isang bahay ng kalayawan sa gumuguhong buhanginan.

319 Tingnan n'yo ang gusto natin. Pag-usapan natin ito pansumandali ngayon. Umaasa ako na di ko kayo napapagod nang husto. [Sinasabi ng kongregasyon, "Hindi."—Pat.] Pero tumuon tayo sa bagay na gusto natin, pansumandali. Hindi ko mapapalampas ang komentaryo na ito, ang pahayag na ito. Tingnan n'yo ang nais natin.

320 Tingnan n'yo ang telebisyon natin. Ganoon ang gusto natin. Ang gusto natin ay ang mga komedyante na ito na tatayo roon at magsasabi ng lahat ng uri ng mahahalay na mga biro, at nagpapaiwan tayo sa bahay na wala sa pagtitipon para sana sa pananalangin nang Miyerkules ng gabi, o papauwiin kayo ng mangangaral nang maaga para kayo'y makauwi agad at makapanood nito; na kung anong malaswa't, maruming, limao anim-na-beses nang ikinasal, na patotot, na nagsasabi ng mahahalay na biro, seksi ang pananamit, at kung anu-ano ang pinaggagagawa. At mas gustung-gusto n'yo 'yun kaysa sa dapat ay iniibig ang tahanan ng Diyos, ipinapakita nga n'yan kung anong uri ng espiritu ang nasa inyo.

321 Tinutulutan natin. Tayo, na mga mamamayan, kung ang mga mamamayan ng bansang ito ay liliham lamang sa ating gobyerno, sabihin na lang natin na may sandaang milyong mga liham na dadagsa sa gobyerno na 'yun, "Itigil ang maruruming programa na ito," aaksyunan nga nila. Tayo ang mga mamamayan. Pero tayo, na mga mamamayan, ang gusto nati'y karumihan, kaya 'yun tuloy ang nakukuha natin.

322 Tingnan n'yo ang mga programa sa radyo. Oh, naku! Ginawa nang twist ang *Rock Of Ages*. Uh-huh. Ang *Old Rugged Cross* sa swing, rock-and-roll. Ang *The Old Rugged Cross*, siyanga, tunay nga, sa mga radyo mismo natin, telebisyon. Lahat ng. . . Kumuha pa nga rito, di pa katagalan, ng mga hoop, para sa maliliit na mga kabataang babae. Ang lahat nga'y sadyang imoral ang kinahihinatnan, 'yan ang bagay na gustung-gusto natin.

323 Anong tumataguyod dito? Serbesa, wiski, mga sigarilyo, ang pera ng bansa. Anong ginagawa nila? Kinukuha ang salapi nila na pambuwis, na dapat mapunta sa gobyerno bilang buwis, at nagbabayad para sa malalaswa't maruruming programa sa telebisyon na ipinapalabas nila.

324 Dati-rati'y hindi pumupunta ang mga Pentecostal sa mga malalaswa't, maruruming mga sineng palabas kapag may ganyan silang mga dula. Aba'y naglagay na ang diyablo ng isa sa inyo mismo, naglagay ng telebisyon sa inyong bahay.

325 Ang daan ng isang tunay na propeta'y napakahirap, pero tayo nga'y manatili sa Katotohanan. Siyanga, po.

326 Tingnan n'yo ang mga billboard natin. Naroon ang mga kababaihan nang lantaran, na may sigarilyo sa kanilang kamay, ang bawat munting Jezebel sa bansa. Nagpunta ako . . .

327 Noong isang araw, nakakita ako ng isang kakatwang bagay. May isang babae na nagtungo roon sa eskuwelahan, para sunduin ang mga bata, noong nagtungo ako roon para sunduin sila, na walang suot na pares ng shorts; at, hayan nga, matindi ang lamig ng paligid. Bawat isa sa kanila'y may hawak na sigarilyo. At noong pagkarating na pagkarating nila roon at huminto, wala pa silang sigarilyo, kanilang pinagsindihan 'yun nang dagli-dagli, at, "Whew! Nakikita mo ba kung kumusta na ako?" Na inilalawit sa labas ng pinto 'yung kamay, nang *paganito*, na may sigarilyo sa kanyang kamay. At magsasabi kayo ng bagay tungkol dun, oh, magagalit nga sila. Tunay.

328 Magsasabi ka lang ng isang bagay sa isang ricky o elvis, o isa sa kanila roon, aba'y babarilin ka nila. At kukunsintihin sila ng gobyerno, dahil mga kabataan lang daw sila. "Oh, ayos lang 'yan. Sila, hindi pa nila naiintindihan. Sila'y mga kabataan pa. Hayaan mo na lang."

Ngayon nakikita n'yo ba kung ano ang ibig sabihin ng isang tunay na propeta, ang kanyang pamamaraan?

329 Tingnan n'yo ang maruruming mapapanaginipin na ito sa mga simbahan, sa kanilang denominasyon, kanila ngang mababaril kayo sa likod. Ang tanging bagay na nagpipigil sa kanila na gawin 'yun, ay ang habag ng Diyos, hanggang sa ang Mensahe'y mapalaganap. Papatayin ka ng diyablo, kung magagawa niya. Siyanga. Pero kinakailangang mapalaganap ang Mensahe. "Ako na Panginoon ay magpapanauli." Ganoon nga. "May kakayahan Ako na sa mga bato na ito'y magpabangon." Ganoon nga. Buweno.

330 Ang mga palabas nating sine, ang ating mga billboard, ating mga makasalanan na gustung-gusto ang kalayawan pero tinatawag ang mga sarili na Cristiano. Mga tao na tinatawag ang sarili na mga Cristiano; pero mahilig sa kalayawan, mapagsumpong ng pagnanasa. Mga kababaihan, na imoral ang pananamit; mga kalalakihan naman na nakatitig sa kanila, sinisipulan sila, pero tinatawag ang mga sarili na Cristiano, lumalabas doon. Aba, mayroon pa nga silang—mayroon pa nga silang . . .

331 Grabe nga ang nangyayari sa Florida, sa California, may naglalakihan silang mga club dun ngayon. Lahat ng kalalakihan dun ay magsasama-sama at ihahagis ang kanilang mga susi roon, at ang mga kababaihan ay papasok at dadamputin ang isa sa mga susi roon. At kung sino man 'yun, iuuwi ang "asawa" niya. Magsasama sila nang sanlinggo, pagkatapos babalik, ihahagis ang susi, mga susi uli. Kita n'yo? Ang mga club. Ipinanganak

na bastardong mga anak at lahat na, baboy sa baboy, aso sa aso. Ano nang nangyayari? Dahil 'yan sa iniwan nila ang Salita.

³³² Hindi na nila alam kung anong ibig sabihin ng pagkadisente. Lalabas dito na ang suot ay maiikli't, masisikip na mga damit, at mga pananamit na gaya nun, at nagnanasa sa kanila ang mga kalalakihan, at iniisip na sila'y disente. Marahil di ka nakagawa ng anumang mali, kapatid na babae, pero hayaan mong sabihin ko sa iyo ang isang bagay, ikaw ay nagiging kasangkapan ng diyablo. At doon sa Harapan ng Paghatol, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mananagot kayo dahil sa pangangalunya, at mapapahamak ang inyong kaluluwa. Mas maalam kayo ryan. Alam n'yo na ito ngayon, ano't anuman. Siyanga.

³³³ Ang buong kaayusan natin ay nabubulok at nabubukbok. Dahil ito sa ating mga tao, dahil sa mga gusto nila. Gaya ng isang mabuting lalaki ng tahanan, buweno, kung ang isang lalaki'y mabuting lalaki ng tahanan, ang pagsisi sa inyong gobyerno. . . Yan ang nagpapadala sa ating mga kabataang lalaki rito at sila'y nagiging bala lang ng kanyon, siyanga, dahil sa sarili nating kabulukan. Kung iniibig natin ang Panginoon at pinaglilingkuran ang Panginoon, at bumoto ng tamang uri ng gobyerno at lahat na, magiging kahanga-hangang lugar nga ito. Ganoon po. Wala tayong mga giyera. Wala. Ang Diyos ang ating kublihan at kalakasan. Ipinapadala natin ang mga kabataan nating lalaki para patayin lang sila roon, at para katayin lang sila, at lahat na, dahil 'yun sa sarili nating aksyon na nagbunsod n'yan. Sinabi 'yun ng Diyos, sa Biblia, at hindi Siya nagbabago. Ganoon pa rin Siya sa tuwina. Ito'y dahil sa sariling kagustuhan ng inyong mga mamamayan.

³³⁴ Gaya ng isang mabuting lalaki ng tahanan, ano kaya kung siya'y isang mabuting lalaki naman? Nais niyang gawin ang tama. Nais niyang mamuhay para sa Diyos. At mayroon siyang isang malayaw, na mahilig-sa-imoralidad na pamilya. Anong gagawin ng lalaki, kapag ang kanyang asawang babae'y nagsusuot ng shorts, at nananamit ng seksing mga damit, at lalabas at aakto na gaya ng isang Jezebel, na ang kanyang mga anak na babae ay ganoon din at lahat ng mga anak nito, at lahat sila? Ang kanyang tatay. . . Ang munti niyang anak na lalaki na pinalalaki niya, at minamahal, at tinatapik at hinahalikan, at siya pa ang nagpapahiga sa higaan, at ipinapanalangin, haya't tatayo, magsasabi, "Ang matanda kong tatay ay baliw. Ang lahat na lang ng nasa isip niya ay Biblia." Ano na lang ang maaaring gawin ng lalaking 'yun sa kanyang pamilya?

³³⁵ Ganoon din sa ating gobyerno, tungkol sa mga mamamayan nito rito. Huwag n'yong sisihin ang gobyerno. Sisihin n'yo ang grupo rito ng mga tumalikod sa pananampalataya na mga iglesya, na siyang nagpasok ng mga bagay na 'yan sa kanilang pulitika, gaya ng taglay nila. Ginusto nila ito. Yan ang dahilan kung bakit sila bumoto para rito, at 'yan ang dahilan kung bakit

ito ang napala nila. At 'yan ang rason kung bakit ang paghatol ng Diyos ay nasa ibabaw nila. At kanilang aanihin ang bagay na kanilang inihasik. Sila'y naghahasik na ngayon, at kalaunan ay aanihin nila. Masdan n'yo. Oh! Tayo'y lipos na ng kahibangan. Oh, grabe.

³³⁶ Pinipilit nating bayaran ang pakikitungo natin sa Rusya. Pinipilit nating bilhin ang pakikitungo natin sa komunismo. Pinipilit nga. Aba, ang salapi, hindi mo mabibili ang mga kaloob na ito ng Diyos. May isang lalaki noon, si Simon, na sumubok na gawin ito isang araw, at ang sabi ni Pedro, "Mapapahamak ka kasama ang iyong salapi." Ginaganap natin ang bahagi ni Simon na salamangkeron, na sinusubukan bilhin ang isang kaloob ng Diyos.

³³⁷ Manumbalik kayo sa Salita. Manumbalik kayo sa Diyos. Manumbalik kayo kay Cristo. Pagkatapos huwag n'yong alalahanin ang komunismo. Maiboboto natin pabalik ang tamang tao. Magkakaroon tayo ng isa na namang lalaki tulad ni Abraham Lincoln, George Washington, isang indibiduwal na tunay na lalaki. Huwag n'yong sisihin ang gobyerno roon. Sisihin natin ang ating mga sarili. Yan ang bagay na sasabihin ni Amos. At 'yan ang bagay na sasabihin ng sinumang tunay na propeta ng Diyos, kung alam niya ang Salita ng Diyos. Kung siya'y isang tunay na propeta, alam niya—alam niya ang Salita, dahil Ito'y dumarating sa kanya.

³³⁸ Ang Israel, sa kanilang pakikipag-alyansa noon sa—sa kanilang naging kaaway. Una, sila'y kinailangan na lumayo sa Salita ng Diyos, bago sila makapag-alyansa sa kanilang kaaway.

³³⁹ At bago tayo magkaroon ng alyansa sa ating mga kaaway at mga bagay-bagay, kinakailangan nating lumayo sa Salita ng Diyos. Uh-huh. Pareho ngayon, na hinahayaan ang Roma na mamahala. Aba, ginagawa nga natin ito, sa tuwina. Kinokontrol na niya ang gobyerno. Kinokontrol na niya ang mga lugar. Kinokontrol na niya ang mga tao. Ngayon kinokontrol na niya ang mga kaiglesyahan.

³⁴⁰ Anong ginagawa natin? Nauupo lang, na sumasang-ayon sa kanila. "Oh, wala namang magiging kaibhan kung ito ma'y *paganito* o *paganoon*. Ang Diyos naman ang lahat ng ito, ano't anumang." Kayo na kaawa-awa't, miserableng, mga naturangang propeta na tumalikod sa pananampalataya. Anong nangyayari sa inyo? Hindi nila alam ang Salita na ukol sa Diyos at ang mga bagay na ito. Hindi nila pinag-aaralan ang Salita. Hindi nila napagtatanto. Sinasabi nila na ang komunismo'y sasakop sa mundo. Hindi, hindi 'yun.

³⁴¹ Romanismo ang sasakop sa mundo, at ginagawa nito ito sa ilalim ng pangalan ng Cristianismo. Hindi ba't ang Biblia, sinasabi ni Jesus, "Magiging masyadong malapit, na lilinlangin nito ang mismong Hirang, kung maaari"?

³⁴² Ang kailangan natin ngayon. . . Ako po’y magtatapos na, sa pagsasabi nito. Ngayon ako’y papatapos na. Ang kailangan natin sa panahon ngayon ay isa uling tunay na propeta. Amen. Kailangan natin ng isang tao na daratnan ng Salita ng Diyos. Siyanga, kapatid. Siya’y tatanggihan at palalayasin, at iwawaksi, pero tunay nga na siya’y magpapasambulat ng butas. Siya, siya. . . Oo, uh-huh. Tunay na ihahasik niya ang mismong Mga Binhi na ito hanggang sa ang Hirang ay masumpungan Ito. Uh-huh. Tama. Kailangan natin ng isang propeta. Kailangan natin ng isang lalaki na dinaratnan ng tamang interpretasyon ng Salita, na ang Diyos ay nangungusap sa pamamagitan niya at pinatotohanan ang Salita, para ibunsod Ito na maging totoo. Yan ang kailangan natin. At, kapatid, pinangakuan tayo ng isa, ayon sa Malakias 4, “Para magpanauli.” Ng ano? “Ang pananampalataya ng mga tao, pabalik sa Biblia.” Tayo’y pinangakuan ng isa. Kanyang tutuparin ito.

³⁴³ Alam ni Amos. Tunay, nga. Alam ni Amos, na ang Israel, ang kanyang di maka-Diyos na mga mangingibig ay malapit na silang wasakin.

³⁴⁴ At ang kanilang di maka-Diyos na mangingibig sa panahon ngayon ay malapit na silang wasakin, ang mismong maka-denominasyon na mga kredo at mga bagay-bagay na tinalian nila ang sarili nila. Kayo na mga Pentecostal, ’yan ang mismong bagay na wawasak sa inyo, ang inyong kredo at denominasyon. Itinatali n’yo ang inyong sarili sa dako roon, na tinatanggap ang tanda ng hayop, at hindi man lang ito namamalayan, hinahatak sa mismong harap na ng inyong mga mata. Tunay. Isa itong boykot. Ano itong sinusubukan n’yong gawin? “Kaانب kayo sa *ganito*, o hindi kayo kaanib.” Kita n’yo? Hintayin n’yo lang, kaunti na lang, kaunting-kaunti na lang. Pagkatapos, sasabihin n’yo, “Aalis na ako rito kung ganyan.” Hindi, hindi n’yo na magagawa. Naroon na kayo sa loob. Natatakan na kayo. Kayo’y nasumpungan nang may tanda na ito sa inyo.

³⁴⁵ Kahit na ano pa, na si Esau ay tumangis nang mapait, noong malaman niya ang dapat. Anupa’t tumangis siya nang mapait, nagsisikap makahanap ng isang dako para magsisi, at hindi ’yun masumpungan. Masasadlak nga kayo roon. Ngayon ang panahon para umalis.

³⁴⁶ Alam ni Amos na wawasakin ito ng kanilang di maka-Diyos na mga mangingibig, dahil sila, ang iglesya, ay iniwan Siya, ang Diyos at ang Kanyang Salita, ang daan ng Buhay. Sila’y napalayo mula sa daan ng Buhay ng Diyos, at gumawa ng ganang sarili nila. Oh, ang Salita’y isa nang katitisan sa kanila.

³⁴⁷ At ganoon din Ito sa panahon ngayon. Ang Salita ng Diyos ay isang katitisan sa naturingan lang na Cristiano. Sabihin n’yo sa kanya ang tungkol sa pagbabautismo sa tubig sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sabihin n’yo sa kanya ang tungkol sa banal na Diyos. Ibubunsod nun. . .

At, buweno, sasabihin nila, “Buweno, kamit na namin ang Espiritu Santo.”

³⁴⁸ Kung ganoon bakit putol pa rin ang buhok n’yo? Bakit nagbabautismo pa rin kayo sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo”? Bakit kayo naniniwala sa iba pang mga bagay na ito na pinaniniwalaan n’yo, at umaakto sa paraan na ginagawa n’yo? Ipinapakita lang. Patunay nito ang inyong mga bunga. Ang sabi ni Jesus, “Sa pamamagitan ng kanilang mga bunga, ay makikilala n’yo sila.” Oo. Kita n’yo? Ipinapakita lang n’yan, na nangungusap kayo tungkol sa isang bagay na wala kayong kaalam-alam. Siyanga, po. Oo.

³⁴⁹ Kung narito si Amos, siya’y sisigaw laban sa kanilang mga sistema. Alam n’yo ba ’yan?

³⁵⁰ Ngayon magbabasa na lang ako ng isang talata bago magtapos, ang ika-8 talata ng ika-3 kabanata. At atin pong basahin.

Ang leon ay umungal, sinong di matatakot? ang Panginoon . . . ay nagsalita, sinong hindi manghuhula?

³⁵¹ Pakinggan n’yo. Sa pagtatapos na ngayon, nais kong sabihin ito. Ipagpaumanhin n’yo kung napanatili ko kayo, nang kalahating oras na atrasado. Pero, tingnan n’yo. Nais kong sabihin ito. Isa akong mangangaso. Ako’y nangangaso. Ikinagagalak ko na nagbigay ang Diyos sa akin ng bagay na tulad n’yan.

³⁵² Noong isang araw nung sumabog ’yung baril na ’yun, bumalik ako roon, tiningnan ko kung makakapamaril uli ako. Ayaw kong takutin ako nito. Kung ako’y madisgrasya, sa daan, hindi ako hihinto sa pagmamaneho ng kotse. Kung ako’y lalalad sa sahig at matalisod ang daliri ng paa ko sa alpombra, at tumilapon ako sa bintana, hindi ako titigil sa paglakad. Kita n’yo? Hindi, hindi. Binibigyan ako ng Diyos ng isang malinis na ehersisyo. Si Satanas lang ’yun. Hindi ’yun ang Diyos. Kita n’yo? Si Satanas ’yun.

³⁵³ Ngayon, alam ko ang espirituwal na aplikasyon nito. May tatlo sa atin sa silid na ito ngayon, ang nakakaalam kung ano ito. At patatayuin nito ang buhok sa iyong ulo, pero hindi ko sasabihin kaninuman. Kita n’yo? Itong tatlong tao lang, bilang isang kumpirmasyon. Ngayon, ang lahat nga’y ayos na. Ang lahat ay . . . Nalalaman ng Diyos ang lahat na tungkol dito, at pauna nang nagbabala ukol dito, at lahat na. At alam namin ’yan. Bahagyang may pananagutan ako rito, at may bagay ako.

³⁵⁴ Ako—ako may isang lalaki na ipinagtanggol noon isang beses, na dapat sana ay hindi ko siya ipinagtanggol. Pinatanggal ko na lang sana ’yun sa kanya. Kita n’yo? Sa halip na gawin ’yun, ako na lang ang nagbayad nun. Kaya, hayan nga, kaya kami’y . . . Ayos lang ’yun. Ako ito, at ito’y napatawad na ngayon. At kami’y magpapatuloy. Kita n’yo? Oo.

Amos, itong ika-8 talata, “Kung may leon na umuungal sino ang di matatakot?”

³⁵⁵ Ako’y nakapangaso na sa mga kagubatan ng Aprika. Nakadako na ako sa lugar ng mga leon. Siya ang hari ng mga hayop. Nahiga na ako sa mga kagubatan nang gabi at narinig ko ang mga pagpiyak at ang mga hyena, ang halakhak at ang mga pag-alulong, at—at ang—at ang iba’t ibang mga hayop. At pagkatapos ang ilan sa kanila na mga hyena, manghihilakbot ka kapag sila’y hihiyaw. At naroon ang mga leopardo, at ang pag-ungol, at lahat na, at mga salagubang, at mga unggoy, at mga tsonggo, at makalibong ilang libong, “agit-it, pagpiyak.” Saang dako man ako maglakad, maririnig mo ang lahat na ng uri ng mga bagay-bagay na umiingay. Pero kapag umungal na ang isang leon, ang mga salagubang ay mananahimik. Isa nga ’yung nakamamatay na katahimikan. Sila’y nananahimik. Ano? Ang kanilang hari kasi’y nagwika. Amen.

³⁵⁶ “Kung ang isang leon ay umungal, sino ang di matatakot? Kapag ang Diyos ay magsalita, sino ang mahahadlangang magpropesiya?” Kapag ang Diyos ay magsasalita, ang propeta’y sisigaw. Alam n’yo ba ang ibig kong sabihin? Ang tunay na propeta’y sumisigaw. Mga kaibigan, Siya’y nagsalita na. Kung ganoon, ang bawat nilalang ng Kanyang Kaharian ay dapat na makinig sa bagay na sinabi Niya.

³⁵⁷ Kung napagtatanto ng leon na may bagay na mali, kapag siya’y aatungal, ang lahat sa kanyang kaharian ay nananahimik. Sila’y nakikinig. Maging ang maliliit na mga salagubang, hayan nga, siya’y nasa kaharian ng leon na ’yun. Maging ’yung nakakatulig na alulong ng hyena, siya nga’y mananahimik. Ang elepante roon, na kayang magbuhat ng leon, at iwasiwas siya roon sa kanyang, “Weeel! Weeel!” At kapag aatungal ang leon, siya nga’y mananahimik at di kikibo. Yung torong-kalabaw, na nakasisinghal, na parang may lumalabas na apoy sa kanyang ilong. Kapag ang isang leon ay dadamba sa kanya, hindi nga siya nito masasaling. Maging ang rhino rin, na pitong tonelada ang baluti, kahit tusukin mo pa siya, at ang kanyang malaking nguso. Kapag ang isang leon ay umatungal, siya nga’y hihinto sa kanyang paglusob. Anong nangyayari? Ang hari’y nagwika. Kita n’yo? Nais niyang marinig kung ano ang sasabihin.

³⁵⁸ At kapag ang Diyos ay magsasalita, ang propeta’y sisigaw. At kung ganoon ang Kanyang Kaharian ay dapat makinig sa kung ano ang Kanyang sinasabi. Nagsalita na ang Diyos. Dapat ang bawat nilalang ng Kanyang Kaharian ay makinig sa bagay na Kanyang sinasaysay.

Manalangin tayo.

³⁵⁹ Oh Leon ng angkan ni Juda, umahon Ka’t umatungal! Ikaw ay umaatungal sa huling araw na ito. Naniningkit ang Iyong mga mata. Nakatunghay Ka sa ibaba. Nakikita Mo ang kasalanan ng

naturingang Cristianong bansa na ito at daigdig. Nakikita Mo ang kasalanan ng bansang ito, yamang ito'y binili ng mayamang Dugo. Nakikita Mo kung papaanong ang mga denominasyon ay tinatapakan ang Iyong Salita. Nakikita kung papaanong ang mga bulaang propeta'y nagsisinungaling. Ang Katotohanan ng Diyos ay kanilang tinatanggihan.

³⁶⁰ Ikaw ay umatungal, Oh Leon ng Juda! Ibunsod Mo ang Iyong mga propeta na sumigaw. “Kapag ang Diyos ay nagsasalita, sino ang mahahadlangang magpropesiya?” Ito'y ang Salita ng Diyos na nanggagaling sa Biblia, na dumarating sa pamamagitan ng propeta. Papaano niya maaatim na manahimik? Kung mananahimik siya, sasambulat siya. Oh Diyos, ibunsod Mo na ang Iyong propeta'y umatungal, Panginoon. Ibunsod Mo na umatungal ang Iyong Mensahe, Diyos, at ibunsod ang bawat nilalang ng Iyong Kaharian na makinig.

³⁶¹ Nawa sila'y huminto. Nawa ang mga kababaihan ay huminto at siyasatin ang kanilang mga sarili. Nawa ang mga kalalakihan ay huminto at siyasatin ang kanilang sarili. Nawa ang bawat mangangaral na nakikinig ng teyp na ito, ay huminto at siyasatin ang kanyang sarili, dahil ang Leon ng angkan ni Juda ay umaatungal. At ang totoong Salita ay dumarating sa mga propeta, na winiwika, sumisigaw, “Mangagsisi kayo at manumbalik kayo bago pa mahuli ang lahat.”

³⁶² Panginoon, itinatagubilin ko po ang Mensahe, sa teyp at sa mga dumalo na narito, sa Iyo sa umagang ito, sa pagtitiwala na Iyong aaprubahan Ito. At tawagin ang bawat anak na lalaki't anak na babae ng Diyos, na nasa ilalim . . . na makakapakinig ng teyp na ito, o nasa ilalim ng tunog ng tinig, na sila'y maipanumbalik sa pagsisisi bago pa mahuli ang lahat.

³⁶³ At nananampalataya ako, Panginoon, na kung Iyong ipapadala si Amos ngayon, kanyang isisigaw ang siya ring bagay. Dahil hindi siya makasisigaw . . . Pero kung siya'y isang propeta ng Panginoon, siya'y tagapagpadala ng Salita. Siya'y ipinadala sa pamamagitan ng Salita, kalakip ang Salita, at siya ang Salita. Ngayon, Panginoon, ito'y mangyari nawa, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.



ANG DAAN NG ISANG TUNAY NA PROPETA NG DIYOS TAG62-0513M
(The Way Of A True Prophet Of God)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Mayo 13, 1962, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org